


PAGKUKUPKOP 1

 . . . mabuti ang pakiramdam ko na marinig iyan, mabuti 'yan. Buweno, lagi namang, kagaya nga ng nasabi ko na dati, “Natuwa ako nang sabihin nila sa akin, “Tayo na sa bahay ng Panginoon.”” Sa naaalala ko ay sinabi ni David ang pahayag na 'yon minsan, “Tayo na sa bahay ng Panginoon.” Wala na akong alam na mas mainam pang lugar na mapupuntahan, kayo ba, kaysa sa bahay ng Panginoon.

² Ngayon, sa gabing ito, may ilan tayong mga kaibigan dito na nanggaling pa doon sa Georgia. Magbibiyahе siguro sila pagkatapos—pagkatapos ng hapunan ngayong gabi. At saka na tayo . . . Ang iba sa kanila ay taga-doon pa sa malayo, umaasa akong mananatili pa kayo. At kung anuman ang mayroon kami na mga kuwarta ay bukas para sa inyo.

³ At pagkatapos ay magpapatuloy tayo sa Miyerkules ng gabi, sa pag-aaral, at saka, kung loloobin ng Panginoon, sa susunod na Linggo muli.

⁴ At pagkatapos ay mag-uumpisa na sa ikaanim ang sa Chautauqua. Kaya kayong mga nakapagplano na ng mga bakasyon n'yo, inaasahan natin ang isang dakila't napakagandang panahon doon sa Chautauqua. Doon tayo palaging nagkakaroon ng talagang isang kahanga-hangang panahon. Hindi naman masyadong napakaraming mga nagsisidalo, nagdaraos tayo kung minsan . . . Mapagkakasya dito ang mga . . . sa tingin ko'y mapagkakasya natin ang sampung libo rito, nang madali. Pero, kadalasan, noong nakaraang taon ay nagkaroon tayo ng mga pitong libo, mga ganoon. Siksikang lugar, pero napakaluwang pa para makatayo. At mga upuan na puwede pa nilang ilagay hanggang doon sa labas. At kaya't inaasahan natin 'yon.

⁵ At natutuwa akong makita ang marami nating mga kapatid na ministro na naririto. Hindi ko talaga maalala ang pangalan niya rito, 'yung misyunero, Kapatid na Humes at Kapatid na Babaeng Humes, ikaw nga ba 'yang nakaupo sa banda rito, at ang mga maliliit na bata, ikinagagalak nating makasama sila, isang misyunero. Ang iba pa, sina Kapatid na Pat, Kapatid na Daulton, at, oh, talagang napakarami, si Kapatid na Beeler pa. At nakita ko si Kapatid na Collins kani-kanina lang. At, oh, magiging medyo mahirap na banggitin pa silang lahat. Ngunit nagagalak kaming lubos na makapiling kayo sa bahay ng Panginoon ngayong gabi. Itong dakilang minamahal na Kapatid na Neville na nakaupo rito sa likuran ko upang manalanging kasama ko habang ituturo natin ang Salita. Charlie, nagagalak akong makita ka at si Kapatid na Nellie dito ngayong gabi,

pati ang mga bata. Ito ay...at ang pagtuturo ng Biblia ay kadalasang isang napaka...Oo, Kapatid na Welch, ako'y sadyang...hinahanap nga kita, nakikita na kitang nakaupo riyang sa likod ngayon.

⁶ Ang pagtuturo ng Biblia ay kadalasang medyo peligroso, nang kaunti, alam n'yo na, para bang naglalakad ka sa manipis na yelo, ang tawag natin dito. Subalit nadarama natin na marahil, sa puntong ito at sa oras na ito, marahil maigi na medyo dalhin ang—ang iglesya doon sa palagay kong, sa isang—isang kumpletong pagkaunawa, ayon sa tamang puwesto nito, ng kung ano tayo kay Cristo Jesus. At kung minsan palagay ko'y magandang bagay ang pangangaral, ngunit naniniwala ako kung minsan, Kapatid na Beeler, na lampas pa doon ang pagtuturo, para ba itong...lalo na sa iglesya.

Ngayon, kadalasang nabibingwit ng pangangaral ang makasalanan, dinadala siya sa ilalim ng kahatulan sa pamamagitan ng Salita. Subalit inilalagay ng pagtuturo ang tao sa posisyon kung ano siya. At hindi tayo kailanman maaaring magkaroon ng pananampalataya nang tama hanggang sa malaman natin kung ano ang posisyon natin.

⁷ Ngayon, kung ang Estados Unidos, na ang magandang lupaing ito, ay ipinadala ako roon sa Rusya, bilang embahador ng bansang ito, sa Rusya, kung ganun kung pormal nila akong ipinadala sa Rusya, lahat ng kapangyarihan na taglay ng Estados Unidos ay nakasuporta sa akin. Ang salita ko ay katulad din ng sa Estados Unidos, kung kinilala ako bilang isang embahador.

⁸ At kung gayon kung isinugo tayo ng Diyos upang maging Kanyang mga embahador, lahat ng kapangyarihan na nasa Langit, ang kabuuan ng Diyos, lahat ng Kanyang Mga Anghel at lahat ng kapangyarihan Niya ay nakatayo sa likod ng mga salita natin kung tayo'y tamang itinalaga, na isinugong mga mensahero sa mga tao. Kinakailangang kilalanin ng Diyos ang Salita, sapagkat taimtim Niyang isinulat, na “Anuman ang inyong talian sa lupa, ay tatalian Ko iyon sa Langit. Anuman ang inyong kalagan sa lupa, ay kakalagan ko iyon sa Langit. At ibinibigay Ko sa inyo ang mga susi ng Kaharian.” Oh, napakadakilang mga pangako ang ibinigay Niya sa iglesya!

⁹ At ako, pagkalipas noong isang araw...Marami sa inyo, sa palagay ko, ang nandito kaninang umaga para makinig habang sinisikap ko na, sa aking hamak, simpleng pamamaraan, na ipaliwanag ang—ang pangitain ng Langit na nakita ko.

¹⁰ Hindi ko pag-aalinlanganan sa anumang paraan ang kahit ano na sinabi ng sinuman sa akin na sinabi ng Diyos sa kanila. Paniniwalaan ko iyon kahit na hindi ko iyon nakita sa Kasulatan, nanaisin ko pa ring paniwalaan ang salita ng kapatid na iyon. Ako—maaaring manatili lamang ako sa Biblia, pero paniniwalaan ko pa rin iyon dahil ang naturang kapatid ay

nagkamali lang siguro dito ng pagkakaunawa sa isang bandá, na marahil ay medyo nalito lang siya tungkol dito. At maniniwala pa rin ako na siya ay—kapatid ko pa rin siya.

¹¹ At kung may bagay man na nag-aalab sa puso ko, at umaasa akong hinding-hindi ito mawawala sa mga taon pang darating, na hinding-hindi ko malilimutan ang nangyari noong nakaraang Linggo ng umaga, bilang isang linggo. May bagay na ginawa ito sa akin na ganap na bumago sa buhay ko. Ako—hindi ako natatakot. Ako—wala ako ni isa mang takot sa kamatayan. Walang anumang nakakatakot sa kamatayan. At ito—hindi ito nakakatakot para sa iyo kung nauunawaan mo lang. Ngayon, siguro kung . . . Kailangang magkaroon ka ng karanasan para malaman mo 'yon, dahil walang paraan para maipaliwanag 'yon. Wala kang mahahagilap na mga salita, dahil hindi 'yun nakalagay sa diksyunaryong Ingles, o wala sa iba pang diksyunaryo, dahil ito'y nasa Kawalang Hanggan; walang kahapon, walang bukas, lahat ay pangkasalukuyan lang. At hindi ito “napakaganda ng pakiramdam ko,” at isang oras naman mula ngayon, “hindi na gaanong maganda ang pakiramdam ko,” at isa pang oras, “maganda na naman ang pakiramdam ko.” Lagi itong pangkasalukuyan. Kita n'yo? Hinding-hindi humihinto, sadyang 'yun lamang maluwalhating kapayapaan, parang ganyan.

¹² At hindi puwedeng magkaroon ng kasalanan, hindi maaaring magkaroon ng pagseselos, hindi maaaring magkaroon ng sakit, doon—walang anuman na makaaabot sa Makalangit na dalampasigang iyon. At kung marahil ay mayroon akong pribilehiyo na sabihin ito, na, marahil ay wala ako. Kung wala man ako, kung gayo'y dalangin kong patawarin nawa ako ng Diyos. Ngunit kung mayroon nga akong pribilehiyo, at 'yon ay na ipinahintulot ng Diyos na agawin ako paitaas upang makita ang isang bagay, ang tinutukoy ko ay ang unang Kalangitan. At saka naniniwala akong, may isa sa Biblia, na nagngangalang, palagay ko'y si Pablo iyon, na inagaw paitaas sa ikatlong Kalangitan. At kung ganito na kaluwalhati sa unang Kalangitan, ano pa kaya ang naroon sa ikatlong Kalangitan? Kaya pala hindi siya makapagsalita tungkol dito sa loob ng labing-apat na taon! Ang sabi niya hindi niya raw alam kung siya ba'y nasa katawan noon o wala sa katawan. Kasama ng dakilang apostol na iyon, hindi para makihati sa kanyang—kanyang—kanyang katungkulan, o hindi para sikaping gawin ang ating mga sarili na anumang kagaya niya, kundi masasabi ko na kasama niya, hindi ko alam kung ako noon ay nasa katawan na ito o wala sa katawan. Ang tanging bagay, iyon ay talagang kasing totoo ng nakatingin ako sa inyo.

¹³ At naiisip ko na noon pa ang tungkol sa kung daraan ako at makikita ko ang isang maliit na ulap na lumulutang-lutang, na isang espiritu, at sasabihin, “Hayun na si kapatid na lalaki't

babae, sina Charlie at Nellie 'yun. Sina Kapatid na Lalaki't Babaeng Spencer iyon na papunta roon." Naging palaisipan na iyon sa akin noon pa. Kung nasa libingan na ang mga mata ko, na naaagnas na, nabubulok na, kung wala na ang mga tainga ko para makapakinig pa, at kung ang dugo ko ay bumalik nang lahat at naembalsamo na nila ito, at ito'y nasa katubigan na o kaya ay nasa lupa na, at ang kakayahan kong mag-isip, ang mga sélula ng utak ko ay wala nang lahat, kung gayon papaano ako magiging higit pa sa isang espiritu lang na palutang-lutang sa tabi-tabi? At bumagabag sa akin 'yon. Gaano ko kagustong sabihin, "Kumusta, Kapatid na Pat, oh, nagagalak akong makita ka! Kumusta, Kapatid na Neville, gaano ko kagustong makita ka!" Pero naisip ko, "Buweno, kung wala akong magamit na paningin, anumang bibig para makapagsalita sa pamamagitan nito, bulok na kasi ito, abo na ito, paano ko pa kaya masasabi, 'Kumusta, Kapatid na Pat,' 'Kumusta, Kapatid na Neville,' o iba pa, 'Kumusta, Charlie?'"

¹⁴ Ngunit alam ko na ngayon na mali pala iyon. Sapagkat nasusulat sa Mga Kasulatan, na masasabi kong hindi ito taliwas, "Sapagkat kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa lupa, ay may isa pa kaming naghihintay," isang panibagong tabernakulo na may mga mata, tainga, bibig, kakayahang mag-isip. "Kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa lupa!" May katawan ito na makakaramdam ako, makakapagsalita.

¹⁵ At napagtanto ko, ngayon-ngayon lang, na namatay si Moises at nasa isang libingan na na walang palatandaan sa loob ng walong daang taon, at umakyat na sa Langit si Eliseo nang limang daang taon na bago pa, ngunit sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo ay nakita silang nakikipag-usap noon kay Jesus.

¹⁶ Matapos na mamatay si Samuel nang hindi bababa sa tatlo hanggang limang taon, at tinawag siya ng mangkukulam na taga-Endor, at nagpatirapa ito, at sinabi nito, "Dinaya mo ako, sapagkat ikaw ay si Saul, mismo." Sinabi nito, "Sapagkat nakakakita ako ng mga diyos!" Isa itong pagano, nakita n'yo. "Nakikita ko'y mga diyos na umaahon."

¹⁷ At hindi pa siya nakikita noon ni Saul, at sabi niya, "Ano'ng itsura niya? Ilarawan mo siya sa akin."

Sabi, "Payat siya, at may balabal siya sa ibabaw ng kanyang balikat."

¹⁸ Sabi, "Iyon si Samuel, na propeta, dalhin mo siya sa aking harapan." At gusto kong pansinin n'yo na hindi nawala kay Samuel ang anumang kanyang katangian. Propeta pa rin siya, sinabi niya kay Saul kung ano ang eksaktong magaganap noong kinabukasan.

¹⁹ Kaya, nakita n'yo na, hindi tayo tuluyang pinaglalaho ng kamatayan habang tayo'y umiiyak at tumatangis at nananaghoy

doon sa libingan. Binabago lamang nito ang dakong tirahan natin. Dinadala tayo nito mula sa isang lugar patungo sa . . . Ano ba ang edad? Kung mabubuhay ako ng isa pang oras, malalampasan ko pa ang buhay ng maraming labing-anim na taong gulang na tao, malalampasan ko pa ang buhay ng maraming limang taong gulang na tao. Bale-wala lang ang edad. Inilagay lamang tayo rito para sa isang layunin, upang gumawa ng isang bagay.

²⁰ Buweno, ngayon, marami rito sa mga mumunting kalugod-lugod-tingnan na mga ina na nakaupo rito, ang ilan sa kanila na animnapu o pitumpung taong gulang na, ay magsasabing, “Buweno, ano naman kaya ang nagawa ko, Kapatid na Branham?” Pinalaki n’yong ang inyong mga anak. Ginawa n’yong kung ano ang dapat n’yong gawin.

²¹ Marahil ang ilang matatandang Tatay na nakaupo rito, ay magsasabing, “Buweno, nagsuyod ako ng mga bukid, ginawa ko ang *ganito*. Hindi ako kailanman nangaral.” Ngunit ginawa mo naman kung ano talaga ang inilaan ng Diyos sa iyo na gawin mo. May lugar para sa iyo.

²² Kausap ko ang isang matandang doktor, kahapon, isa sa mga kaibigan kong doktor, katoto, mga lagpas walumpung taong gulang na. At ang hipag niya ay naririto sa simbahan ngayong gabi, at siya’y sadyang may kaunting, medyo nag-aalala nang kaunti tungkol sa kanya. At pumunta ako para makita siya. At pagkaumpisa kong makipag-usap sa kanya, sumigla siya, ikinuwento sa akin ang tungkol sa isang biyahe niya sa pangangaso maraming taon na ang nakararaan doon sa Colorado, ang mismong lalawigan na pinangangasuhan ko. Sadyang napakasaya at masigla! At sabi ko, “Doktor, ilang taon ka na bang naglilingkod?”

²³ Sabi niya, “Noong pinapasuso ka pa lang.” At mula pa noon sabi ko . . . “At maraming beses,” sabi niya, “isinasagawa ko noon ang aking propesyon, na dala ko ang aking karwahe, inilagay ko sa ibabaw ng kabayo ko ang mga bag na nakakabit sa siya. Bitbit ko naman ang maliit na maleta at naglalakad ako.”

²⁴ At sabi ko, “Oo nga, doon sa may gilid ng pampang ng sapa, alas-dos ng madaling-araw, dala ang iyong flashlight, nagsisikap na hanapin ang bahay kung saan may isang maliit na batang masakit ang tiyan o kaya’y isang inang nasa pagdaramdam sa panganganak.

“Tama iyon.”

²⁵ At sabi ko, “Alam mo, doktor, naniniwala ako, sa kabila ng hangganang linya na ito rito, sa pagitan ng katawang may kamatayan at kawalang kamatayan, ay may lugar ang Diyos para sa mabubuting kalugod-lugod na mga doktor na naglilingkod nang ganyan.”

²⁶ Nagkaroon ng maraming luha sa kanyang mga mata at nag-umpisa siyang umiyak, iniabot niya ang nanghihinang mga kamay niya at sabi, “Kapatid, sana nga.” Sa buong lupain, humahatol ang Diyos sa kaluluwa ng tao, kung ano siya.

²⁷ Pagkatapos ay ibinigay ko sa kanya itong nakapagbibigay-kasiyahang Kasulatan. Maraming beses, sinusuyod 'yung mga madidilim na maputik na bukid sa gabi, sinisikap na tulungan ang isang tao, marahil ni hindi nga nakakatanggap ng isang sentimo para doon, pero ayos lang 'yon. Sabi ko, “Sinabi ni Jesus sa Mga Kasulatan, ‘Mapalad ang mga mahabagin, sapagkat sila’y kahahabagin.’” At totoo 'yon.

²⁸ At ngayong gabi ay gusto nating isaayos ang iglesia, sa tatlong aralin na ito, kung ipahihintulot ng Diyos, kung papaano at kung ano ang dapat tingnan, kung ano tayo. Mag-uumpisa tayo sa unang kabanata ng Aklat ng liham ni Pablo sa Mga Taga Efeso. At tatalakayin natin ang unang tatlong kabanata sa susunod na tatlong pag-aaral natin, sisikapang makatalakay ng isang kabanata kada gabi, kung makakaya natin. Ngayong gabi, sa Miyerkules, at sa susunod na Linggo ng umaga. Efeso, sa unang kabanata. Ngayon habang sama-sama tayong nag-aaral, gusto kong sabihin ito, na ang Aklat na ito ng Efeso ay ganap na kahalintulad ng Josue ng Lumang Tipan. Efeso, ang Aklat ng Efeso.

²⁹ Ngayon, tandaan n'yo, kung mangyaring mapalayo tayo nang kaunti, sa katuruan ninyo, patawarin n'yo na lamang kami at makipagtiis kayo sa amin nang kaunting panahon. Bago natin ito buksan, hilingin natin sa Kanya na tulungan tayo, habang iniyuyukod natin ang ating mga ulo.

³⁰ Panginoon, papadako na po kami sa Iyong banal at sagradong Kasulatan, na higit pa Itong ligtas kaysa sa buong kalangitan at lupa. Sapagkat nabasa namin sa Salitang ito, na tinatawag na Biblia, na “Kapuwa ang langit at lupa ay lilipas, subalit ang Aking Salita ay hindi kailanman mabibigo.” Kung gayon, sa taimtim na oras na ito na lumalapit ako rito sa pulpito ngayong gabi, sa harapan ng mga binili ng Iyong Dugo, nitong pinakakaingat-ingatang sinisintang mga mortal na naririto ngayong gabi, na nanghahawakan sa bawat katiting na pag-asa na mapanghahawakan nila, upang kumapit para sa Liwanag na iyon na darating. Maging sapat nawa ito, ngayong gabi, na makita ng bawat mananampalataya rito ang kanyang posisyon, at ang bawat isa na hindi pa nakapasok sa dakilang pagsasama-samang ito, ay magpupumilit sa Kaharian, Panginoon, at kakatok sa pintuan hanggang sa buksan ng Tagapagbantay ang pintuan. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

³¹ Binabasa namin dito kung saan na ang Bibliang ito ay hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag. Diyos, huwag pong ipahintulot na ako na Iyong lingkod o ang sino pa mang ibang

lingkod na sumubok kailanman na maglagay ng sarili nilang pagpapaliwanag sa Salita. Hayaang basahin lamang namin Ito at sampalatayanan Ito, kung paano Ito naisulat. At lalo na kaming mga pastol ng mga kawan, kaming mga pastol na magtitipon balang araw sa maluwalhating Lupaing iyon kasama ang mumunting mga kawan, at tatayo kami sa Presensiya ng Panginoong Jesus at makikita ang henerasyon na iyon na lalapit, ang kay Pablo, at ang kay Pedro, at ang kay Lucas, at kay Marcos, at kay Mateo, at lahat sila, at makikita sila roon na hahatulan kasama ng kanilang mga grupo. Diyos, ipahintulot Mo po na makapaglapag ako ng sampung milyong tropeo sa Iyong paanan habang may pagpapakumbaba akong umuusad paakyat at ipapatong ang aking mga kamay sa Iyong minamahal na paanan, at magsasabing, “Panginoon, sila’y sa Iyo.”

³² O Diyos, puspusin Mo po kami nang panibago ng Iyong Espiritu, at ng Iyong pag-ibig at ng Iyong kabutihan. At kami nawa, katulad ng sinambit ng makatang iyon sa awitin maraming taon na ang nakalipas, “Minamahal na naghihinalong Kordero, ang Iyong mahal na Dugo kailanma’y hindi mawawalan ng kapangyarihan nito, hanggang sa ang lahat ng tinubos na Iglesia ng Diyos ay maligtas upang hindi na magkasala pa. At magmula noong, sa pananampalataya, ay nakita ko ang batis na nagmumula sa Iyong dumadaloy na sugat; mapagtubos na pag-ibig ang akin nang naging tema, at magiging gayon pa rin hanggang sa ako’y malagutan ng hininga. Pagkatapos sa lalong dakila’t mas matimyas na awitin,” nagpatuloy pa siya sa pagsabi, “aawitin ko ang Iyong kapangyarihang magligtas; kapag itong abang nabubulol, nauutal na dila’y mahimlay nang tahimik sa libingan.” Kung ganoon, wala nang hawak na kamatayan ang libingan para sa Iyong mga anak. Isa lamang itong dakong pahingahan, o isang dakong kublihan, kung saan ang may kasiraang ito ay magbibihis ng walang kasiraan.

³³ Amin nawang makita ito ngayong gabi, Panginoon, nang malinaw, kung paanong ibinigay ito sa amin sa Salita. Bigyan Mo po kami ng kaunawaan. At ilagay kami, Panginoon, sa aming tungkulin, upang maglingkod kami nang tapat hanggang sa Iyong pagparito. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus, at para sa Kanyang kapakanan. Amen.

³⁴ Ngayon, ang Aklat ng Efeso, katulad nga ng kasasabi ko lang, ako . . . sa aking pananaw, ay isa sa mga pinakadakilang Aklat ng Bagong Tipan. Iniiwan tayo nito, sa kung saan tumutuloy ang Calvinismo sa isang sanga, at ang Arminianismo naman ay tumutuloy sa kabilang sanga, ngunit pinagsasama ito ng Aklat ng Efeso at inilalagay ang Iglesia sa posisyon nito.

³⁵ Ngayon, itinipo ko na ito noon sa Josue. Kung napansin n’yo, inilabas ang Israel mula sa Egipto, at may tatlong yugto ang kanilang paglalakbay. Ang isang yugto, ay ang paglisan sa

Egipto. Ang sumunod na yugto, ay ang ilang. At ang sumunod pang yugto, ay ang Canaan.

³⁶ Ngayon, hindi kumakatawan ang Canaan sa panahon ng Milenyum. Kumakatawan lamang ito sa kapanahunan ng mananagumpay, ang dispensasyon ng pananagumpay, dahil sa Canaan ay pumatay at nanunog at sumakop sila ng mga bayan. At wala nang kamatayan sa Milenyum.

³⁷ Ngunit ang isa pang bagay na ginagawa nito, nagdadala ito ng pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, pagkatapos nilang maniwala kay Moises at lumisan sa Egipto. Pagpapabanal, ang sa pagsunod sa ilalim ng Haliging Apoy at sa pagtubos ng haing kordero sa ilang. At pagkatapos ay pagpasok na sa isang lupain na ipinangako.

³⁸ Ngayon, ano ba ang lupang ipinangako sa mananampalataya sa Bagong Tipan? Ang pangako ay ang Espiritu Santo. “Sapagkat mangyayari sa mga huling araw,” Joel 2:28, “na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman. Ang inyong mga anak na lalaki at babae ay magsasalita ng propesiya. At sa Aking mga lingkod na babae at sa Aking mga aliping babae naman ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu, at sila’y magsisipagsalita ng propesiya. Magpapakita Ako ng mga kababalaghan sa kalangitan sa itaas. At sa lupa, mga haliging apoy, at usok, at singaw.” At sinabi ni Pedro, sa Araw ng Pentecostes, matapos niyang talakayin ang kanyang teksto at mangaral, “Magsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad,” upang patawarin, upang mapatawad, upang alisin ang lahat ng mga kasalanan.

³⁹ Napansin n’yo ba, si Josue, bago nila tinawid ang Jordan, sinabi ni Josue, “Pumaroon kayo sa gitna ng kampo at linisin ang inyong mga damit at magpakabanal ang bawat isa sa inyo, at huwag pumaroon ang sinumang lalaki sa kanyang asawa, sapagkat sa loob ng tatlong araw ay makikita ninyo ang Kaluwalhatian ng Diyos.” Kita n’yo? Ito ay isang—isa itong proseso ng paghahanda upang manahin ang naturang pangako. Ngayon, ang pangako sa Israel, ay, ibinigay ng Diyos ang pangako sa lupain, ng Palestina, at iyon ay magiging pag-aari nila magpakailanman. At kailangan nilang manatili palagi sa lupain na ito.

⁴⁰ Ngayon, dumating sila sa tatlong yugto, patungo sa ipinangakong lupaing ito. Ngayo’y pagmasdan n’yo, ganap itong nakatipo sa Bagong Tipan.

⁴¹ Ngayon ito, katulad nga ng sabi ko, ay di-sang-ayon sa ilang kaisipan ninyo. Ilan sa inyo na mga minamahal na taga-Nazarene, Church of God, at iba pa, huwag ninyong hayaang makasakit ito, kundi pagmasdan lang n’yo ito nang mabuti at

masdan ang mga pagtitipo. Pagmasdan at tingnan kung hindi nga ba tumpak na tumpak ang bawat lugar.

⁴² May tatlong yugto noon ang paglalakbay na iyon, at may tatlo ring yugto ang paglalakbay na ito. Dahil, inaring-ganap tayo sa pananampalataya, sumasampalataya sa Panginoong Jesus Cristo, iniwan ang lupain ng Egipto, lumabas. At pagkatapos ay binanal sa pamamagitan ng paghahandog ng Kanyang Dugo, hinugasan mula sa ating mga kasalanan, at naging mga manlalakbay at nakikipamayan, ipinapahayag na hinahanap natin ang isang lupain, isang bayan na darating, o isang pangako.

⁴³ Ganoon din noon ang Israel sa ilang, mga nakikipamayan, walang dakong pagpapahingahan, na naglalakbay gabi-gabi, sinusundan ang Haliging Apoy, ngunit sa wakas ay nakarating sa lupang pangako kung saan na sila nanirahan.

⁴⁴ Doon dumaraan ang mananampalataya. Dumaraan muna siya sa isang pagkilala na isa siyang makasalanan; pagkatapos ay inihihwalay siya sa pamamagitan ng mga tubig, ang paghuhugas ng tubig, sa pamamagitan ng Dugo, at...o ang paghuhugas ng tubig sa pamamagitan ng Salita, pala, nananampalataya sa Panginoong Jesus Cristo. Pagkatapos, bilang inaring-ganap na sa pamamagitan ng pananampalataya, siya ay naging kabahagi na, at may kapayapaan na sa Diyos, sa pamamagitan ni Cristo, nabautismuhan na sa Pangalan ni Jesus Cristo, para ipasok na siya patungo sa paglalakbay. Naunawaan n'yo ba? Patungo sa paglalakbay! Pagkatapos ay nagiging nakikipamayan na siya at isang manlalakbay. Naglalakbay siya patungo sa ano? Sa isang ipinangako ng Diyos.

⁴⁵ Hindi pa noon natatanggap ng Israel ang pangako, ngunit sila'y naglalakbay na. At hindi nagtataas... Pakiusap na sana'y maunawaan ninyo. Diyan kayo, na mga Nazarene at mga Pilgrim Holiness, at iba pa, nahulog. Dahil, ang Israel, nang umabot na sila sa puntong iyon, ng Kadesh-Barnea, noong makaparoon na ang mga espiya at nagsabi, "Napakaganda ng lupain." Subalit bumalik ang iba sa kanila at nagwika, "Hindi natin iyon makukubkob, dahil napapaderan ang mga bayan, at kung anu-ano pa." Ngunit tumayo sina Josue at Caleb, at nagsabi, "Kayang-kaya nating sakupin iyon!" Dahil sa nalagdaan nang dokumentadong salaysay nila, naniwala sila sa dalawang gawa ng biyaya, ang pag-aaring-ganap at ang pagpapabanal, at hindi na tuloy makasulong pa. At, makinig kayo, nangamatay ang buong lahing iyon doon sa ilang. Maliban sa dalawang nakapasok sa lupang pangako at nagdala pabalik ng patunay na iyon ay matabang lupain, "at talagang nagawa naming sakupin iyon, dahil pangako iyon ng Diyos." Pagkatapos imbes na magpatuloy pa ang mga taong iyon, doon sa pagtanggap ng Espiritu Santo, pagsasalita sa iba't ibang wika, ang pagtanggap ng kapangyarihan ng Diyos, ang bautismo ng Banal na Espiritu,

mga tanda, mga kababalaghan, mga himala, naramdaman nila na sisirain niyon ang kanilang tradisyon ng doktrina. At ano'ng nangyari rito? Nangapahamak sa lupain! Siyanga.

⁴⁶ Subalit ang mga mananampalataya, ang grupong Caleb at Josue, na nagpatuloy papunta sa lupang pangako, sumulong sila papunta roon sa lupain, at sinakop ang lupaing iyon, at nanirahan sa lupaing iyon, bilang isang pag-aari. At hindi tayo tumitigil sa pag-aaring-ganap, pagpapabanal. Magpatuloy pa tayo tungo sa bautismo ng Espiritu Santo. Huwag tayong tumigil sa pagsampalataya sa Panginoong Jesus, sa pagiging bautismado. Huwag tayong tumigil dahil lang sa nilinis na Niya tayo mula sa buhay na makasalanan. Kundi ngayon ay nagsisikap tayo tungo sa isang posisyon, tungo sa isang pangako ng bautismo ng Banal na Espiritu. Sapagkat sinabi ni Pedro, noong Araw ng Pentecostes, “Sapagkat sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos sa Kanya.”

⁴⁷ Kaya, ang Efeso rito ay inilalagay tayo katulad kay Josue, sa posisyon. Pansinin n'yo, si Josue, matapos na makatawid doon sa lupain, at sakupin ang lupaing iyon, saka niya hinati-hati ang lupain. “Si Ephraim *dito*, si Manases naman *dito*, at ang isang ito *rito*, si Gad *dito*, si Benjamin naman *dito*.” Hinati-hati niya ang lupain.

⁴⁸ At pansinin n'yo! Oh, sadyang pinag-aalab nito ang ating mga puso! Bawat isa sa mga Hebreong ina na iyon, sa pagsilang sa mga batang iyon, sinabi niya ang mismong lugar, sa pagdadalamhati niya sa panganganak, kung saan ang magiging lugar nila sa naturang lupang pangako. Oh, napakagandang pag-aaral nito! Kung maidedetalye lang natin ito, na gugugol ng maraming oras. Balang araw kapag naipaayos na natin ang ating simbahan, sadyang gusto kong magpunta at gumugol ng buong isang buwan o kaya'y dalawa, 'yun bang manatili lang sa paksang iyon. Masdan n'yo noong sila, bawat isa sa mga inang iyon, nang isigaw niya, “Ephraim,” noong nanganganak na siya, ay nalagay nga ito sa takdang posisyon kung saan nakatungtong ang mga paa nito sa langis. Sadyang eksakto bawat isa sa kanila saanman ang kinaroroonan nila!

⁴⁹ At si Josue, na hindi noon alam iyon, ngunit sa pamamagitan ng inspirasyon, sa pangunguna ng Espiritu Santo, pagkatapos na makapasok na sa lupang pangako, ay ipinagkaloob sa bawat tao ang pangako para sa kanya, eksakto sa kung ano ang ipinangako ng Espiritu Santo sa kapanganakan noon doon.

⁵⁰ Kung papaanong inilagay ng Diyos ang iba sa iglesya, sa pamamagitan ng mga pagdadalamhati sa panganganak! Oh, tumitindi ang mga iyon kung minsan. Kapag humihibik ang iglesya sa ilalim ng pag-uusig ng mundo sa labas, sumasampalataya sa Panginoong Jesus, na ang pangako ng

Banal na Espiritu ay sadyang kasing totoo sa atin kung paano noon sa Pentecost, gaanong sila'y nagsisihibik at umiiyak habang nasa pagdadalamhati sa panganganak! Ngunit noong maisilang na sila, at isinilang na sa kanilang puwesto sa Kaharian ng Diyos, saka na naglalagay ang Banal na Espiritu sa iglesya, ang iba'y mga apostol, ang iba'y mga propeta, ang iba'y mga guro, ang iba'y mga pastor, ang iba'y mga ebanghelista. Pagkatapos ay nagkaloob Siya roon, ng mga pagsasalita sa iba't ibang wika, pagpapaliwanag ng mga iba't ibang wika, kaalaman, karunungan, mga kaloob ng pagpapagaling, lahat ng uri ng mga himala.

⁵¹ Kung saan ang iglesya ay... Ngayon ito ang layunin ko sa paggawa nito. Palaging pinipilit ng iglesya na kunin ang lugar ng iba. Ngunit huwag ninyong gawin 'yon. Hindi kayo maaaring magtanim kailanman ng mais sa lugar ni Ephraim, kung kayo si Manases. Kailangan ninyong lumagay sa lugar ninyo kay Cristo, lumagay sa posisyon. Oh, lumalalim ito at sumasagana kapag narating na natin ito, kung paanong naglalagay ang Diyos sa iglesya ng isa upang magsalita ng iba't ibang wika, ang iba naman... Ngayon, itinuro sa atin nang maraming beses na, "kailangan nating lahat na magsalita ng mga wika." Mali 'yon. "Kailangan na gawin nating lahat iyon." Hindi, hindi kailangan. Hindi nila ginawang lahat ang iisang bagay. Ang bawat isa ay...

⁵² Bawat isa, ipinagkaloob ang lupain at pinaghati-hatian sa pamamagitan ng inspirasyon. At, ang bawat isa, maaari kong talakayin ang Mga Kasulatan at ipakita ito sa inyo nang ganap, na inilagay niya sila sa lugar na dapat nilang kalagyan, nakaposisyon, kung paanong ang dalawang hating tribo ay mananatili sa kabila ng ilog, kung paanong iniinyak iyon ng kanilang mga ina sa kanilang kapanganakan, at kung paanong dapat maging ganoon ang bawat lugar.

⁵³ At ngayon pagkatapos ninyong makapasok, hindi ibig sabihin nun na malaya na kayo mula sa mga digmaan. Kailangan n'yo pa ring makipaglapan para sa bawat pulgada ng lupa na kinatatayuan ninyo. Kaya, kita n'yo, hindi kumakatawan ang Canaan sa dakilang Langit, dahil sa ito'y puro digmaan at mga kaguluhan at mga patayan at mga labanan, at kung anu-ano pa. Ngunit tunay na kumatawan nga ito sa ganito, na kailangan itong maging isang sakdal na paglakad.

⁵⁴ Diyan nabibigo ang iglesya ngayon, sa paglakad na iyan. Alam n'yo ba na maging ang mismong pag-uugali n'yo ay maaaring makahadlang pa nga sa paggaling ng iba pa? Ang mali ninyong pag-uugali, ng hindi naipahayag na mga kasalanan ninyo na mga mananampalataya, ay maaaring maging sanhi ng mapait na pagkabigo ng iglesyang ito. At mananagot kayo para sa bawat katiting nito sa Araw ng Paghatol. Oh, sasabihin n'yo,

“Teká, sandali lang, Kapatid na Branham.” Buweno, iyon ang Katotohanan. Isipin n’yo iyon!

⁵⁵ Si Josue, matapos niyang matawid ang lupang pangako, nangako ang Diyos sa kanya na . . . Isipin n’yo na lamang, ang makipaglaban sa bawat labanan nang hindi nalalagasan ni isang tauhan, nang hindi man lang nagagalusan, nang hindi man lang nangangailangan ng nurse, o kaya pangunang lunas o isang benda. Amen. Ang sabi ng Diyos, “Sa inyo ang lupain, humayo kayo’t makipaglaban.” Isipin n’yo, sa pakikipagdigma, na wala man lang Red Cross sa paligid, wala man lang ni isang masasaktan!

⁵⁶ At pinatay nila ang mga Amorrheo at ang mga Hetheo, ngunit wala ni isa mang nasaktan sa sino man sa kanila hanggang sa nakapasok ang kasalanan ang kampo. At noong kinuha ni Achan ang balabal na yaring Babilonia na iyon at ’yung barang ginto, at itinago ’yun sa ilalim ng kanyang tolda, pagkatapos noong sumunod na araw ay nalagasan sila ng labing-anim na tauhan. Sabi ni Josue, “Huminto kayo! Huminto kayo! Sandali lang, may bagay na mali! May mali rito. Magpapatawag tayo ng pitong araw na pag-aayuno. Nangako sa atin ang Diyos, ‘Walang makapananakit sa atin.’ Mabubuwal ang ating mga kalaban sa ating mga paa. At may bagay na mali rito. May naging pagkakamali sa kung saan, dahil may labing-anim tayong patay na mga tauhan na nakahandusay rito. Mga kapatid silang Israelita, at patay na sila.”

⁵⁷ Bakit sila namatay, na mga inosenteng tao? Dahil isang tao ang tumawid sa hangganan. Nakikita n’yo na ba ang dahilan kaya dapat maituro ito? Ang iglesia ay lumilinya, lumilinya sa Salita ng Diyos, lumilinya sa Diyos at lumilinya sa isa’t isa, lumalakad nang sakdal na matuwid, na may katapatan, sa harapan ng lahat ng tao, nang may takot sa Diyos. Dahil nagnakaw ang isang tao ng isang balabal, at gumawa ng isang bagay na hindi niya dapat ginawa, kumitil iyon ng buhay ng labing-anim na tao! Sa palagay ko’y labing-anim ’yun, o mas marami pa siguro. Sa palagay ko’y labing-anim na tao ’yung namatay.

⁵⁸ Nagtawag si Josue, sabi, “May bagay na mali! Nangako ang Diyos, at may mali.”

⁵⁹ Kapag dinadala natin ang mga maysakit sa harapan natin, at hindi sila gumagaling, kailangan nating magpatawag ng taimtim na pag-aayuno, magpatawag ng pagpupulong. May mali sa kung saan. Ang Diyos ang nagbigay ng pangako, kailangang tuparin ng Diyos ang pangakong iyon, at gagawin Niya iyon.

⁶⁰ At nagpatawag siya ng pag-aayuno. At napag-alaman nila, nagpalabunutan sila. At ikinumpisal ’yun ni Achan. At pinatay nila si Achan, ang pamilya at lahat-lahat, at sinunog sila hanggang sa maging abo na, at iniwan doon bilang isang

alaala. At nagpatuloy na sina Josue sa mga pakikipaglaban, na sinasakop lahat, nang walang kagalos-galos o sugat. Hayan nga.

⁶¹ Isang araw ay nangailangan siya ng kaunti pang panahon, ng karagdagang oras. Papalubog na noon ang araw, hindi makalaban nang mabuti ang mga kawal sa gabi. Si Josue, ang dakilang mandirigmang iyon, na may pahid ng Diyos, nakaposisyon na sa lupang pangako, katulad ng Efeso sa bagong Iglesya, may-ari, inari, inaari ang lupang iyon, sinasakop iyon. Kinailangan niya ng ilan pang oras, kaya sinabi niya, “Araw, tumigil ka!” At tumigil ito nang mga labindalawang oras, hanggang sa nasakop na niya ang lupain. Kita n’yo?

⁶² Ngayon ay inilalagay tayo sa posisyon kay Cristo ng Aklat ng Mga Taga Efeso, kung ano sila noon sa Banal na Lupain. Inilagay tayo hindi sa Banal na Lupain, kundi sa Banal na Espiritu! Ngayo’y magbasa tayo ng isang Salita lamang, tingnan n’yo kung gaano kasakdal ang iglesya.

Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, . . .

⁶³ Oh, gusto ko iyan! Ginawa siya ng Diyos na isang apostol. Walang mga elder ang nagpatong ng mga kamay sa kanya, walang mga obispo ang nagsugo sa kanya kung saan-saan, kundi ang Diyos ang tumawag sa kanya at ginawa siyang apostol.

Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, sa mga banal (yaong mga binanal) na nangasa Efeso, at sa mga tapat kay Jesus Cristo:

⁶⁴ Tingnan n’yo kung paano niya pinatungkulan ito. Hindi ito sa mga di-mananampalataya. Ito’y sa iglesya. Nanawagan ito doon sa mga tinawag-palabas, ang mga binanal at ’yung mga tinawag na na kay Cristo Jesus.

⁶⁵ Ngayon, kung nais ninyong malaman kung papaano tayo makakapasok kay Cristo Jesus, kung dadako kayo sa Unang Mga Taga-Corinto 12, ang sabi nito, “Sapagkat sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat sa isang Katawan.” Papaano? Binautismuhan sa pamamagitan ng ano? Ng Banal na Espiritu. Hindi sa pamamagitan ng bautismo sa tubig, kayong mga taga-Church of Christ, kundi sa pamamagitan ng isang malaking titik na E-s-p-i-r-i-t-u, sa pamamagitan ng isang Espiritu. Hindi sa pamamagitan ng isang pakikipagkamay, sa pamamagitan ng isang liham, hindi sa pamamagitan ng isang wisik. Kundi sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat sa isang Katawan, ang ating pag-aari, ang lupain na ibinigay sa atin ng Diyos upang panahanan, ang Banal na Espiritu. Kung paanong ipinagkaloob Niya ang Canaan sa mga Judio, gayon din naman na ibinigay Niya sa atin ang Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat sa isang Katawan. Nakuha n’yo?

⁶⁶ Ngayon, kausap niya ang mga espirituwal na Cananeo, ang Israel, ang espirituwal na Israel na umari sa lupain. Oh, hindi ba kayo nagagalak na nakalabas na kayo sa bawang ng Egipto? Hindi ba kayo nagagalak na nakalabas na kayo sa ilang? At, alalahanin n'yo, kinailangan nilang kumain ng manna, na pagkain ng mga Anghel na mula sa Langit, hanggang sa makatawid na sila patungo doon sa lupain. At noong makatawid na sila sa lupaing iyon, tumigil na ang pagbagsak ng manna. Husto na sila sa gulang nang panahong iyon, at kumakain na sila ng magulang na mais ng lupaing iyon. Ngayon, ngayong hindi na kayo mga sanggol, ngayong hindi na ninyo ninanasa ang gatas na walang daya na ukol sa Ebanghelyo, na hindi na kayo kailangang itrato na parang bata, at tapik-tapikin, at himukin pa na magsimba, ngayong kayo'y talagang mga Cristiano na na husto na sa gulang, handa na kayong kumain ngayon ng matigas na pagkain. Handa na kayong dumako sa isang bagay, sabi niya. Handa na kayong makaunawa ng isang bagay na malalim at sagana. Oh, didiretso na tayo rito. At, oh, naitago iyon mula pa noong pagkatatag ng sanlibutan. Ang sabi niya, "Ngayong nakarating na kayo rito, sa inyo ko ito ipinapahayag." Hindi doon sa mga kalalabas pa lang ng Egipto, hindi doon sa mga naglalakbay pa rin, kundi doon sa mga nasa lupang pangako na, na nakatanggap na sa pangako.

⁶⁷ Ilan na ang nakatanggap sa pangako ng Banal na Espiritu? Oh, hindi ba't nagagalak kayo na nasa lupain na kayo sa dakong ito ngayon, kumakain na ng magulang na mais, kumakain na ng mga matitigas na bagay ng Diyos at may malinaw nang kaunawaan. Ang inyong—ang inyong espirituwal na isipan ay ganap nang hindi naguguluhan. Alam n'yo na kung sino talaga Siya. Alam n'yo na kung ano talaga Siya. Alam n'yo na kung saan talaga kayo patungo. Alam na alam n'yo ang lahat ng tungkol Dito. Alam n'yo kung Kanino kayo sumampalataya at naniniwalang kaya Niyang ingatan ang ipinagkatiwala ninyo sa Kanya sa araw na iyon. Oh, 'yon na nga, iyon ang kausap ngayon ni Pablo. Makinig kayong mabuti. Ngayon masdan n'yo.

... sa mga tapat kay Cristo Jesus:

⁶⁸ Ngayon, hayaang ipaulit ko iyan sa iglesia. Papaano ba tayo nakakapasok kay Cristo? Sa pamamagitan ba ng pagsali sa iglesia? Hindi. Sa pamamagitan ba ng paglalagay ng pangalan natin sa isang aklat? Hindi. Sa pagpapabautismo ba sa pamamagitan ng paglulubog? Hindi. Papaano ba tayo nakakapasok kay Cristo? Sa pamamagitan ng isang Espiritu Santo ay binautismuhan tayong lahat sa isang pangako, tungo sa Katawan, at mga kabahagi sa lahat ng pag-aari ng lupain. Amen! Oh, ako—gusto ko iyon. Kung hindi lang ako namamalat, makakasigaw ako. Naku, kapag nakapasok na ako sa lupaing ito, akin na ito. Nakauwi na ako ngayon; nasa Canaan na ako. Nakapasailalim ako sa anumang nais paggamitan sa akin

ng Diyos. Naglalakad ako sa mga banal na lupa, na isang anak ng Hari, nadaramtam nang husto at nakahanda na. Lumabas na ako sa Egipto, nakarating na sa lupang pangako, nanaig sa mga pagsubok, nakalampas na sa Jordan patungo sa pinagpalang pangako na ito. Oh, papaano ko ba iyon natamo? Sa pamamagitan ng isang Espiritu. Sa parehong paraan kung paano Iyon natamo noon ni Pablo, gumawa Iyon sa akin sa ganoon ding paraan kung paano sa kanya noon, sa paraan na ginawa rin Nito sa inyo. Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat. Hindi winisikan, kaunti lang na wisik Nito, ay napakaganda sa pakiramdam; kundi inilubog sa ilalim! Ginawang lahat na lumangoy sa ilalim, sa Banal na Espiritu. Iyan ang pangako.

⁶⁹ Ang ating Efeso, ang ating Josue, na siyang Espiritu Santo, ang ibig sabihin ng *Josue* ay “Jesus, Tagapagligtas.” Ang Josue na ang ibig sabihin ay Espiritu Santo na inirerepresenta sa espirituwal kung paano sa natural, na Siya ang ating dakilang Mandirigma. Siya ang ating dakilang Pinuno. Kung papaanong ang Diyos ay na kay Josue noon, gayundin na ang Diyos (sa Espiritu Santo) ay pinapakilos tayo. At kapag pumasok ang kasalanan sa kampamento, sasabihan ng Espiritu Santo na tumigil, “Ano bang nangyayari rito sa iglesia? May bagay na mali.” Oh, hindi n’yo ba nakikita kung paanong napakarami nating mga anak ni Kish ngayon? Napakaraming mga Saul na nanggagaling sa mga seminaryo at mga paaralan ng teolohiya at humahayo at nagtuturo nitong mga baluktot na bagay, kagaya ng sinabi ng Biblia na gagawin nga nila. “Tila ba, wala sa Pananampalataya, inihihiwalay ang kanilang sarili sa inyo, walang pakikisama sa inyo, at iba pa, may anyo ng kabanalan at tinatanggi ang Kapangyarihan nito, lumayo din naman kayo sa mga ito.” Hindi nila alam kung saan sila nagmula, wala silang maibigay na katwiran.

⁷⁰ Sinasabi ko ito mula kay Kapatid na Booth Clibborn, na isang kaibigan ko, kung may anuman na bas-. . .basterdong nilalang na hindi likha ng Diyos, anumang bagay sa sanlibutan, ay ang isang mula. Ang isang mula ang pinakamababa sa lahat ng bagay. Isa siyang. . .siya—hindi niya alam kung ano siya. Hindi niya kayang paramihin ang sarili niya. Hindi na puwedeng palahian ang isang mula sa isa pang mula at magiging isang mula pa rin. Hanggang doon na lang siya. Hindi niya alam kung saan nagmula ang tatay niya, ni hindi rin niya alam kung sino ang nanay niya, dahil siya ay medyo isang—medyo isang asno at isang babaeng kabayo. Hindi iyon ginawa kailanman ng Diyos. Huwag ninyong palalabasin na sa Diyos ang ganoon. Hindi iyon kailanman ginawa ng Diyos. Ang sabi ng Diyos, “Ang lahat ng bagay ay mamunga ng kauri nito.” Siyanga, po. Ngunit ang mula ay isang—isang. . .ang tatay niya ay isang asno at ang kanyang ina ay isang babaeng kabayo, kaya hindi niya alam

kung saan ba siya kabilang. Siya—siya—isa siyang kabayo na nagsusumikap na maging mula, o isang mula. . . o—o kabayo siya na nagsusumikap na maging isang asno, isang asno na nagsusumikap na maging isang kabayo. Hindi niya alam kung saan ba siya kabilang. At siya ang pinakamatigas ang ulo sa lahat sa mundo. Hindi mo maaaring ilagak ang kaunting tiwala sa kanya.

⁷¹ At ganun ang maraming tao sa iglesia. Hindi nila alam kung sino ang kanilang tatay, hindi nila alam kung sino ang kanilang nanay. Ang alam lang nila, alinman sa Presbyterian sila, Methodist, Baptist, o Pentecostal, o kung ano pa. Hindi nila alam kung saan sila nanggaling. At ang isang matandang asno, magagawa mong sigawan siya nang maraming beses, at tatayo lang siya roon at ilalabas 'yung malalaking tainga, saka titingin. Makakapangaral ka nang magdamag sa kanila, at wala pa ring ipinagkaiba ang alam nila noong lumabas sila kumpara doon sa noong pumasok sila. Ngayon, talagang tama iyon. Ayaw kong maging walang galang, ngunit gusto kong sabihin sa inyo ang Katotohanan.

⁷² Subalit may isang bagay na kaya nilang gawin, magagaling silang mga manggagawa. Oh, talagang gawa lang sila nang gawa, gawa, gawa, gawa. Naalala ko dahil diyan ang isang grupo nitong mga Arminian na laging nagsusumikap na gumawa para makapunta sa Langit. Siyanga, isang mula. Oh, ang Ladies Aid Society, at ang manok na panghapunan, bilang pambayad, sa mangangaral. “At kailangan nating magdaos nitong sayawan, at ng sosyalan na ito.” Ito lang ay puro gawa, gawa, gawa, gawa, gawa, gawa, gawa. At, sila, para sa ano't gumagawa sila?

⁷³ Tanungin mo sila, “Natanggap n’yo na ba ang Banal na Espiritu mula noong manampalataya kayo?”

⁷⁴ Inilalabas nila ang kanilang mga tainga, at hindi alam kung saan sila kabilang, “Ano’ng ibig mong sabihin? Saan ba lahat ng *ito*? Ano’ng ibig mong sabihin, ng Banal na Espiritu? Hindi pa ako nakarinig ng anumang tungkol Dito. Oh, siguro’y isa kang kung anong panatiko.” Kita n’yo, hindi nila alam kung sino si tatay, o maging kung sino si nanay, din. At kailangan mo silang hampas-hampasin sa lahat ng ginagawa mo, hampasin *dito* at hampasin *doon*, at hampasin *dito* at hampasin *doon*. Siyanga, ang isang matandang mula.

⁷⁵ Ngunit, sinasabi ko sa inyo, hindi mo na kailangang gawin ang ganoon sa isang kabayo na talagang purong-lahi. Ihampas mo lang sa kanya ang latigo minsan, at kapatid, kakaripas na siya. Alam niya ang ginagawa niya. Oh, napakagandang sumakay sa isang puro ang lahi! Gaano kainam na sabihing, “Sige pa, dali.” Oh, naku, humawak ka na nang mabuti, iiwan niya ang siya sa ere.

⁷⁶ Ganoon sa mga tunay na purong-lahing Cristiano. Hallelujah! “Tanggapin ninyo ang Banal na Espiritu. Magsisi, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan.” Humayo na, nang sadyang kasing bilis ng magagawa nilang makalusong sa tubig, nagpunta na sila. Hindi sila mapapayapa, araw at gabi hanggang sa matanggap nila ang Banal na Espiritu. Bakit? Alam n’yo, alam ng isang Cristiano kung sino ang kanyang Tatay. Kita n’yo, kailangan ng dalawa para magkaroon ng kapanganakan. Siyanga, tatay at nanay. Hindi alam ng mula kung alin si tatay, o alin si nanay. Ngunit alam natin kung sino si Tatay at si Nanay, sapagkat isinilang tayo ng isinulat na Salita ng Diyos, kinumpirma ng Espiritu. Sinabi ni Pedro, sa Araw ng Pentecostes, “Kung kayo’y magsisisi at magpapabautismo, bawat isa sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, ay inyong tatanggapin ang kaloob na Banal na Espiritu.”

⁷⁷ At, kapatid, ang isang tunay na ipinanganak-na-muling Cristiano, (oh, naku) ang kanyang espiritu, pagkakuha niya sa Salita, matatanggap niya ang Banal na Espiritu. Tanungin mo siya ng kung anuman pagkatapos! Alam niya kung saan siya nakatayo. “Naniniwala ka ba sa Makalangit na pagpapagaling?” “Amen!” “Naniniwala ka ba sa Ikalawang Pagparito?” “Amen!”

⁷⁸ Itanong mo ’yan sa isang mula. Ang relihiyong mula, “Uh, ewan ko. Sinabi minsan ni Doktor Jones . . .” Huh! Hayan, sumunod na kay Saul. Kita n’yo? “Oh, hindi nila alam. Buweno, sinasabi ko sa iyo, hindi sigurado ang iglesya ko tungkol Dito.”

⁷⁹ O, kapatid, subalit ang isang lalaki’t babaeng ipinanganak-na-muli ay siguradong-sigurado sa pagparito ng Panginoong Jesus, siguradong-sigurado sila na taglay nila ang Banal na Espiritu kung paanong ganun din kasiguradong may Banal na Espiritu na ipagkakaloob.

⁸⁰ Ngayon, ang sabi ni Jesus . . . Ang babae sa may balon, “Sumasamba kami sa bundok na ito, at sumasamba naman ang mga Judio sa Jerusalem.”

⁸¹ Sabi Niya, “Babae, pakinggan mo ang Aking mga Salita! Dumarating ang oras, at ngayon nga, na hahanapin ng Ama yaong magsisisamba sa Kanya sa Espiritu at sa Katotohanan.”

⁸² Ang Iyong Salita ay ang Katotohanan. At bawat tao na babasa sa Biblia at sasampalataya sa bawat Salita na sinasabi ng Bibliang iyan, at susunod sa mga tagubilin Nito, at tatanggap sa siya ring Banal na Espiritu na kanilang tinanggap noon, sa gayon ding paraan kung paano nila natanggap Iyon, sa parehong resulta nilang natanggap Iyon, sa gayon ding kapangyarihan na tinaglay nila noong matanggap nila Iyon, ay kilala niya ang kanyang Tatay at Nanay. Alam niyang nahugasan na siya sa Dugo ni Jesus Cristo, ipinanganak ng Espiritu, puspos ng pahid

ng Diyos. Alam niya kung saan siya nakatayo. Sigurado! Nasa Canaan na siya. Alam niya kung saan siya galing. Ganoon ang isang tunay na Cristiano. Tanungin mo siya, “Natanggap mo na ba ang Banal na Espiritu mula noong manampalataya ka?” “Amen, kapatid!”

⁸³ Nakatayo ako noong isang araw sa tabi ng isang matandang banal, na siyamnapu’t dalawang taong gulang, na nakikipag-usap noon sa kanyang walumpung taong gulang na pastor, sabi ko, “Lola?”

Walang kasing sigla, sabi niya, “Oo, anak ko.”

⁸⁴ Sabi ko, “Gaano na po katagal mula noong matanggap mo ang Banal na Espiritu?”

Sabi niya, “Purihin ang Diyos! Mga animnapung taon na ang nakalipas noong matanggap ko Ito.”

⁸⁵ Ngayon, kung mula siya, sinabi niya sana, “Ngayon, teka lang, nakumpilan ako at nawisikan noong ako ay . . . Buweno, sigurado nga, at dinala nila ako sa simbahan at dinala ko ’yung sulat ko sa *ganito*.” Oh, kahabag-habag! Hindi man lang nila alam kung saan sila kabilang.

⁸⁶ Ngunit alam niya kung saan nagmula ang kanyang pagkapanganay. Naroon siya noong maganap iyon. Isinilang siya ng tubig at ng Espiritu. Alam niya, at ng tubig sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na may Salita, tinatanggap ang Salita.

⁸⁷ Ngayon, masdan ninyo kung kanino ito sinabi, “Sa mga na kay Cristo Jesus.” Si Pablo, ngayon, tandaan . . . Napapatagal na ako, pero hindi ko na matatapos ang kabanatang ito. Pero magmamadali ako . . . Gusto n’yo ba ito? Oh, sinasabi Nito sa atin kung saan na tayo naroroon, pero hindi natin magagawa iyon sa isang gabi lang. Kailangan natin ng isang buwan o dalawa rito, gabi-gabi, na sadyang talakayin Ito nang buo, nang Salita sa Salita. Bumalik at talakayin iyon sa mga kasaysayan at ipaliwanag mismo iyon, nang Salita sa Salita, at ipakita sa inyo na Iyon ang Katotohanan. Ngayo’y hayaan ninyong basahin kong muli nang mabilis ang talatang iyon.

Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Dios (hindi ng kalooban ng tao), sa mga banal na nangasa Efeso, at (pangatnig) sa mga tapat kay Cristo Jesus:

⁸⁸ Ibig sabihin, “Sila’y mga tinawag na, ibinukod, at ngayo’y binautismuhan na ng Espiritu Santo, at na kay Cristo Jesus na. Kayo ang sinusulatan ko sa liham na ito, mga minamahal ko.” Oh! Naiisip ko si Pablo na naroong kasama na nila ngayon mismo, oh, gaano kasaya! Ang abang matanda na apostol na iyon ay pinugutan ng ulo roon. Tumayo ako sa tabi ng puwesto kung saan nila siya pinugutan ng ulo. Ngunit, oh, ang ulo niya ay naroon na sa bagong katawan na iyon, at hinding-hindi na

muli pang mapupugot. At nakatayo siya roon na kasama nila ngayon ding minuto na ito, ang siya ring apostol na sumulat Nito. At nagsabi, “Sa inyo na mga na kay Cristo Jesus! Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat sa isang Katawan na ito.” Ngayon ay masdan ninyo.

Sumainyo nawa ang biyaya, at kapayapaan, na mula sa Dios na ating Ama, at . . . sa Panginoong Jesus Cristo.

Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesus Cristo, na siyang nagpala sa atin ng bawa’t . . .

Oh, naririnig mo ba iyon, Charlie?

. . . nagpala sa atin ng bawa’t pagpapalang ukol sa espiritu . . .

⁸⁹ Hindi lang ilan na para sa mga apostol, at ilan na para sa *ganito*, kundi pinaggpala Niya tayo ng bawat pagpapalang espirituwal. Ang siya ring Banal na Espiritu na bumaba sa Araw ng Pentecostes ay ang siya ring Banal na Espiritu na naririto ngayong gabi. Ang siya ring Banal na Espiritu na nakapagpahiyaw kay Maria at nakapagpasalita ng iba’t ibang wika, at nagkaroon ng masayang panahon at nakapagpagalak, at ang mga bagay pa na ginawa niya, ay ang siya ring Banal na Espiritu na naririto ngayong gabi. Ang siya ring Banal na Espiritu na nagpasakay kay Pablo sa lumang barkong iyon, kung saan tila ba babad na iyon nang husto sa tubig at wala na, at labing-apat na araw at gabi, na walang buwan o mga bituin. Dumungaw siya roon at ang bawat alon ay may diablóng naroroon, na nakatingin, at pinakikingang ang ngipin nito, at nagsabi, “Palulubugin kita, tanda, ngayon. Hawak na kita ngayon.”

⁹⁰ At sa pagbaba ni Pablo para manalangin nang kaunti, may tumayo roong isang Anghel, ang sabi, “Huwag kang matakot, Pablo. Ang lumang barkong ito ay masisira sa isang isla. Sige lang at kumain ka na ng hapunan, maayos nang lahat ngayon.”

⁹¹ Heto na siya’t papalapit na nakatanikala ang kanyang mga munting mahihinang bisig, na kinakaladkad ang mga iyon sa kanyang mga paa, at nagsabi, “Magpakatampang kayo, mga kalalakihan, sapagkat ang Diyos, ang Anghel ng Diyos, na ako’y Kanyang lingkod, ay tumayo sa tabi ko at nagsabi, ‘Pablo, huwag kang matakot.’” Ang siya ring Banal na Espiritu na iyon ay narito ngayong gabi, siya ring Espiritu ng Diyos, na nagmimistryo sa atin ng siya ring mga espirituwal na pagpapala.

. . . nagpala sa atin ng bawa’t pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan . . .

⁹² Oh, huminto tayo ng isa pang sandali rito. “Sa Sangkalangitan.” Ngayon, hindi lang basta sa kung saan-saan, kundi sa mga Makalangit na dako. Nagkakatipon

tayo sa “Makalangit,” ibig sabihin nito na ang posisyon ng mananampalataya. Na, kapag ako’y napuspos na ng panalangin, kayo’y napuspos na ng panalangin, o napuspos na ng panalangin ang iglesya, at nakahanda na tayo para sa Mensahe, at nagkatipun-tipon na tayo nang sama-sama bilang mga binanal, tinawag, bautismado ng Banal na Espiritu, puspos ng mga pagpapala ng Diyos, tinawag, hinirang, nakaupong sama-sama sa mga Makalangit na dako ngayon, tayo ay mga Makalangit na sa ating mga kaluluwa. Dinala na tayo ng ating mga espiritu sa isang Makalangit na kapaligiran. Oh, kapatid! Hayan nga, isang Makalangit na kapaligiran! Oh, ano’ng puwedeng mangyari ngayong gabi, ano’ng puwedeng mangyari ngayong gabi kung mauupo tayo sa isang Makalangit na kapaligiran, at kumikilos ang Espiritu Santo sa bawat puso na nabago na at naging bagong nilalang na kay Cristo Jesus? Nasa ilalim na ng Dugo ang lahat ng mga kasalanan, sakdal ang pagsamba, na nakataas ang ating mga kamay sa Diyos at ang mga puso natin ay nakataas, nasa mga Makalangit na dako kay Cristo Jesus, sumasamba na magkakasama sa mga Makalangit na dako.

⁹³ Napasa-ganoong dako na ba kayo? Oh, naparoon na ako hanggang sa maiyak ako sa kagalakan at magsabi, “Diyos, huwag Mo na akong hayaang umalis pa rito.” Sadyang mga Makalangit na dako kay Cristo Jesus!

⁹⁴ Pinagpapala tayo ng ano? Makalangit na kagalingan, paunang-kaalaman, kapahayagan, mga pangitain, mga kapangyarihan, iba’t ibang mga wika, mga kapaliwanagan, karunungan, kaalaman, lahat ng mga Makalangit na pagpapala, at hindi maipaliwanag na kagalakan at puspos ng Kaluwalhatian, ang bawat puso ay puspos ng Espiritu, na samasamang lumalakad, magkakasama sa mga Makalangit na dako, na wala ni isa mang masamang kaisipan sa gitna natin, wala ni isa mang sigarilyong hinithit, wala ni isa mang maiksing damit, wala ni isang *ganito*, *ganoon* o *iba pang ganoon*, wala ni isa mang masamang kaisipan, walang may anumang laban sa isa’t isa, ang lahat ay nagsasalita na nasa pag-ibig at pagkakaisa, ang lahat ay nagkakaisa sa iisang dako, “nang magkagayo’y biglang dumating mula sa Langit ang isang ugong na gaya ng isang humahagibis na hanging malakas.” Hayan nga, “Nagpala sa atin ng bawat pagpapalang ukol sa espiritu.”

⁹⁵ Pagkatapos ay maaaring bumaba ang Espiritu Santo sa isang tao, at magsasabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Pumunta ka sa ganitong lugar at gawin mo ang ganitong bagay.” Masdan n’yong mangyari iyon nang *gayon* nga. [Ipinitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Ed.] Kita n’yo? “GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Gawin mo ang ganitong bagay sa ganitong lugar.” Masdan n’yong mangyari iyon nang *gayon*. [Ipinitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri.]

96 “Nagpala sa atin nang sama-sama sa lahat ng mga pagpapalang Makalangit sa mga Makalangit na dako.” Masdan!

Ayon sa pagkapili niya sa atin . . .

97 Pinili ba natin Siya, o Siya ang pumili sa atin? Siya ang pumili sa atin. Kailan? Noon bang gabi na tinanggap natin Siya? Pinili!

Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo’y maging mga banal . . . mga walang dungis sa harapan niya sa . . . (mga denominasyon ba?) . . . sa pagibig:

98 Kailan tayo pinili ng Diyos? Kailan ba pinili ng Diyos kayo na mga nagtataglay ng Banal na Espiritu? Kailan ka Niya pinili? Bago ang pagkatatag ng sanlibutan. Sa pamamagitan ng Kanyang paunang-kaalaman, una ka na Niyang nakita at alam nang mamahalin mo Siya. At bago pa man nagkaroon ng pagkatatag ng sanlibutan, pinili ka na Niya, at isinugo si Jesus upang Siya ang maging pantubos ng iyong mga kasalanan, upang ipagkasundo ka, sa Kanyang Sarili, sa pag-ibig. Oh, sana’y meron pa tayong ilang minuto.

99 Hayaan ako, bago tayo magpatuloy, na bumalik, sa Genesis 1:26. Tatalakayin ko iyon sa Miyerkules. Noong ginawa ng Diyos ang tao. . . Bago Niya ginawa ang tao, tinawag Niya ang Kanyang Sarili na “El,” E-1, El; E-1-h, “Elah,” “Elohim.” Ang kahulugan nung salita, sa Hebreo, “ang siyang kusang nabubuhay nang walang hanggan,” nang Siya lang mag-isa. Walang anumang nabuhay bago Siya, Siya lang ang tanging pagkabuháy na kailanma’y umiral, Ang Siyang kusang nabubuhay nang walang hanggan! El, Elah, Elohim, na nangangahulugang ang “Isang iyon na sapat na sa Sarili Niya Mismo, pinakamakapangyarihan, Makapangyarihan sa lahat, na mag-isang kusang nabubuhay nang walang hanggan.” Oh!

100 Ngunit sa Genesis 2, noong likhain Niya ang tao, sinabi Niya, “Ako nga,” Y-a-h-u, J-u-v-u-h, Jvhu, “Jehovah.” Ano’ng ibig sabihin niyon? “Ako Yaong mag-isang kusang nabubuhay nang walang hanggan na Siyang lumalang ng isang bagay mula sa Aking Sarili, upang maging Aking anak, o isang pansamantala, o isang maliit Ko, isang munting nilalang na katulad sa Akin.” Luwalhati! Bakit? Ipinagkaloob Niya sa tao. . . Ang ibig sabihin ng Jehovah ay ipinagkaloob Niya sa tao na maging isang maliit na diyos. Dahil siya ay Ama, Diyos, at ginawa Niya ang isang tao na isang maliit na diyos, kaya hindi na Siya mag-isang kusang nabubuhay, nabubuhay na Siya kasama ng Kanyang sambahayan. Elah, Elah, Elohim. Ngayon, Siya na si Jehovah ngayon. *Jehovah*, na ibig sabihin, “Yaong nabubuhay Na kasama ng Kanyang sambahayan.” Ngayon, ginawa ng Diyos ang tao na mangibabaw sa buong lupa, na mayroon siyang nasasakupan. At ang sanlibutan ay nasasakupan noon ng tao. Kasulatan ba

iyon? Kung ganoon na nasasakupan niya iyon, diyos siya sa sangkalupaan. Maaari siyang magsalita, at mangyayari nga iyon. Maaari niyang salitain ang *ganito*, at mangyayari nga iyon. Oh! Hayun nga Siya, ang Diyos, si Jehovah, Yaong dating mag-isang kusang nabubuhay nang walang hanggan, ngunit nabubuhay na ngayon kasama ng Kanyang sambahayan, at ang Kanyang mga anak ay kasama na Niya. Hayan nga.

¹⁰¹ Ngayon, basahin ninyo iyon. Tatalakayin natin ito sa Miyerkules ng gabi, kapag may mas mahaba-haba pa tayong oras. Nasa mga labinlimang minuto na lang tayo at tayo'y... Akala ko'y aabot ako sa isang bahagi rito, pero hindi na, kung saan tayo'y natatakan na ng Espiritu Santo ng pangako. Buweno.

¹⁰² Ngayon, kailan ba tayo tinawag na maging mga lingkod ng Diyos? Kailan ba tinawag si Orman Neville upang maging lingkod ng Diyos? Oh, naku! Namamangha ako rito. Sasabihin ko sa inyo, basahin natin ang ilang Mga Kasulatan. Gusto kong basahin mo ang Unang Pedro 1:20. At, Pat, basahin mo ang Apocalipsis 17:8. At babasahin ko naman ang Apocalipsis 13. Ngayo'y gusto nating makinig rito, kung gusto ninyong malaman kung kailan kayo tinawag ng Diyos upang maging isang Cristiano. Oh, gustung-gusto ko ito. Itong, "Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos." Sige, Kapatid na Neville, sa iyo ang Unang Pedro 1:20. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "1:20."—Pat.] Buweno, basahin mo ang 1:19 at 1:20. Pakinggan n'yo ito. ["1:19 at 20."] Oo. [Binabasa ni Kapatid na Neville ang Unang Pedro 1:19-20.]

Kundi ng mahalagang dugo ni Cristo, gaya ng sa corderong walang kapintasan at walang dungis:

Na nakilala nga nang una bago itinatag ang sanglibutan, nguni't inihayag sa mga huling panahon dahil sa inyo.

¹⁰³ Kailan Siya naitalaga? Bago pa itinatag ang sanlibutan. Kapatid na Pat, basahin mo ang Apocalipsis 17:8 para sa akin. [Binabasa ni Kapatid na Pat ang Apocalipsis 17:8—Pat.]:

At ang hayop na nakita mo ay naging siya, at wala na; at malapit ng umahon sa kalaliman, at patungo sa kapahamakan: at silang mga nananahan sa lupa ay manggigilalas, na ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay mula nang itatag ang sanglibutan, pagkakita nila sa hayop kung paano naging siya, at wala na, at darating.

¹⁰⁴ Sino raw ang madadaya? Sino ang madadaya ng tao na ito na relihiyosong katulad noon ni Saul? Iyon ay talagang napakatuso at napakaperpekto hanggang sa madadaya nito ang ano? Mismong mga Hi-... [Sinasabi ng kongregasyon,

“Hinirang.”—Pat.] kung...[“maaari.”] kung maaari. Sige, Apocalipsis 13:8, hayaang basahin ko ito para sa inyo.

At ang lahat ng nangananahan sa lupa ay . . . ang lahat ng nangananahan sa lupa ay magsisisamba sa kaniya, na ang kanikaniyang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay ng Cordero na pinatay bago itatag ang sanglibutan.

105 Kailan inilagay ang mga pangalan natin sa Aklat ng Buhay ng Kordero? Noong pinatay ang Kordero bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan. Noong ang Diyos ay si Jehovah, El, Elah, Elohim, Yaong mag-isang kusang nabubuhay nang walang hanggan. Sadyang katulad ng isang kamangha-manghang malaking Diyamante, at Siya’y wala nang iba pa, ngunit sa loob ng Diyamanteng ito ang Kanyang mga katangian ay isang Tagapagligtas. Sa mga katangiang ito, na nasa loob Niya, ay isang Tagapagpagaling. Buweno, walang anuman noon na maililigtas at pagagalingin, ngunit inilabas iyon ng Kanyang mga katangian. Kung kaya’t, noong bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan, noong alam na Niya, na ang kamangha-mangha Niyang pagpapamalas rito, na Siya’y magiging isang Tagapagligtas, na paririto Siya at magkakatawang-tao at tumahan nga sa gitna natin, at alam na Niya na sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay magsisigaling tayo, pinatay Niya ang Korderong iyon sa Kanyang Aklat bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan, at isinulat ang iyong pangalan sa Aklat na iyon bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan. Oh!

106 Pakinggan n’yo Ito! Ang pagtatalaga ay tumitingin pabalik sa paunang kaalaman, ibig kong sabihin ay paghirang pala. Ang paghirang ay tumitingin pabalik sa paunang kaalaman, at ang pagtatalaga naman ay nakatingin doon sa tadhana. Huwag n’yong kalilimutan iyon, na ang paghirang ay tumitingin pabalik rito, heto ito, “Isa akong amorseko. Ipinanganak ako sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, dumating sa mundo na nagsasalita ng kasinungalingan, ipinanganak sa gitna ng mga makasalanan. Ang aking ama at ina at ang buo kong pamilya, mga makasalanan. Isa ako noong amorseko. Ngunit, bigla na lang, naging butil ako ng trigo. Paano nangyari iyon?” Iyon, ano iyon? Pagkahirang. Ang Diyos, bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan, ay hinirang na na magiging butil ng trigo’yung amorseko. “Ngayo’y alam ko nang isa akong butil ng trigo, dahil ligtas ako. Paano ko ginawa iyon?” Tumingin kayo pabalik at makikita ninyong itinalaga Niya iyon, matagal nang panahon. Sa pamamagitan ng paunang kaalaman ay nakita na Niya na mamahalin ko Siya, kaya Siya gumawa ng pantubos sa pamamagitan ng Kanyang Sariling Anak, upang sa pamamagitan Niya’y mula sa pagiging amorseko ay maging butil ako ng trigo. “Ngayon, nasaan na ako?” Ligtas na ako, lumalakad na ako sa biyaya ng Diyos. “Ano ang tinitingnan ng

pagtatalaga?” Sa itinadhana. “Saan Niya ako dadalhin, at saan ako patutungo?” Amen. Hawak na kayo niyon. Hayan nga.

¹⁰⁷ Ngayon bumasa pa tayo nang kaunti, at saka na tayo magtatapos maya-maya lang nang kaunti.

Ayon sa kanyang. . . pagpili niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo’y maging mga banal. . . mga walang dungis sa harapan niya sa pagibig:

Na tayo’y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop, itinalaga nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng kaniyang kalooban,

¹⁰⁸ Ano ang ginawa Niya? Siya, sa pamamagitan ng paunang kaalaman, ay nakita na tayo bago pa, nalalaman na isa Siyang Tagapagligtas, mag-isang kusang nabubuhay nang walang hanggan. Wala noong mga Anghel, walang anupaman; ang Diyos lang, Elah, Elohim, Yaong mag-isang kusang nabubuhay nang walang hanggan, wala nang iba pa kundi Siya lang mag-isa. Ngunit naroon sa loob Niya ang isang Tagapagligtas. Buweno, ano ang iligligtas Niya, wala namang napahamak? Dahil nalalaman iyon, kung gayo’y alam na Niya na ang dakilang katangiang ito na nasa Kanya ay may ilalabas na bagay sa dako pa roon na maaari Niyang ilitas. Nang magkagayon nang mangyari iyon, sa pamamagitan ng paunang kaalaman ay tumunghay Siya at nakita Niya ang bawat isa na tatanggap Rito. At sa paggawa niyon, sinabi Niya, “Upang mailigtas iyon, ang tanging paraan na magagawa Ko iyon, ay ang bumaba Ako Mismo at magkatawang-tao at pasanin Niya ang kasalanan ng tao, at mamatay para sa kanya, upang Ako ang Siyang sambahin,” dahil Siya ay Diyos, ang pinag-uukulan ng pag-samba.

¹⁰⁹ Pagkatapos ay nanaog Siya at ipinasan sa Kanyang Sarili. At habang ginagawa Niya iyon, ginawa Niya iyon upang mailigtas ka Niya na nais maligtas. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? Sa pamamagitan ng paunang kaalaman, ang walang hanggang Diyos, Na Siyang nakakaalam ng lahat ng bagay, ay nakita na ang Kordero, at pinatay na Niya ang Kordero bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan, at inilagay Niya ang iyong pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero. At nakita Niya ang pagiging mapanlinlang ni satanas, kung ano ang gagawin nito. Kaya inilagay Niya na ang iyong pangalan doon. At sinabi Niya na magiging napakarelihiyoso ng anticristo, napakabait, napakabuting tao, napakatalinong tao, napakarelihiyosong tao, na anopa’t dadayain nito ang mga hinirang mismo kung maaari. Subalit imposible iyon, dahil una nang itinalaga ang kanilang mga pangalan bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan. Sa pamamagitan ng paghirang ay pinili na Niya sila, at sa

pamamagitan ng pagtatalaga ay alam na nila kung saan sila patutungo. Hayan na.

¹¹⁰ Ngayon, sino ang mag-aalinlangan diyan? Iyon ang sinabi ni Pablo. Iyon ang Kasulatan ni Pablo. Iyon ang sulat ni Pablo. Iyon ang itinuro niya sa kanyang iglesya. Ang iglesya, na nakaposisyon na, bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan. Noong ang Diyos, sa pagdadalamhati Niya sa panganganak, ay inilalabas, isinisilang ka, na nalalaman na kung ano ang gagawin mo, ay inilagay ka Niya sa iyong posisyon sa Kanyang Sariling Katawan, upang maging isang maybahay, upang maging isang magsasaka, upang maging isang mangangaral, upang maging isang propeta, upang maging *ganito* o upang maging *ganoon*. Inilagay ka Niya sa posisyon. Pagkatapos noong manggaling na tayo mula sa mga lupain ng bawang ng Egipto, sa pagpapabanal, at nabautismuhan na papasok sa lupang pangako. . . Sapagkat, ang pangako ng Diyos ay ang Banal na Espiritu. Ang Efeso 4:30, ay nagsabi, “Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa Kanya kayo’y tinatakan hanggang sa araw ng inyong katubusan.” Pagkatapos ang Diyos, sa pagkatalaga sa iglesya, sinabi Niya, “At ang lahat ng mga tao, magsisilakad ang milyun-milyon nang napakarelihiyoso at mga madadaya.” Ang tanging hindi madadaya ay ’yung mga nakapasok na sa lupang pangako, na bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan ay nailagay na ang pangalan nila sa Aklat ng Buhay ng Kordero, at nakapasok na sa lupang pangako, at tinatamasa na ito.

¹¹¹ Maraming tao ang natatakot na kikilos ka nang katawatawa. Maraming tao ang natatakot na pagagawin ka ng Banal na Espiritu ng isang bagay na ikaw—mahihya ka sa mga tao. Maraming tao ang natatakot na mapapaiyak sila, at makikita sila ng kanilang sinisinta na umiiyak, o ni nanay, o ng iyong kapitbahay, o kaya ay makikita ka ng iyong amo.

¹¹² Hayaang ikuwento ko sa inyo ang tungkol sa isang lalaki minsan, bago magtapos. May isang lalaking nagngangalang David, at noong nanggaling ang kaban ng Diyos doon sa lupain ng mga Filisteo, at tumawid Iyon, na hila-hila ng kaban, hila-hila iyon ng isang matandang baka, noong makita ni David na paparating na ang kaban na iyon, nakasuot siya ng maikasing kasuotan, tumakbo siya roon sa labas, sumipa siya sa ere, at naglulundag sa palibot, at nagsisigaw at naglulundag, at sumayaw at lumundag at sumayaw. At, siya, na hari pa man din ng Israel! At dumungaw sa bintana ang asawa niya at nakita siyang kumikilos na talagang kakatwa, kinasuklaman siya nito. Aba, siguro sabi nito, “Ang hangal na ’yon! Tingnan mo siya roon sa labas, ang ikinikilos niya, sumisipa doon sa ere, saka lumulundag-lundag at kumikilos nang ganoon. Aba, nasisiraan na siguro siya ng bait!” At pagpasok niya noong gabing iyon, sabi nito, parang sa ganitong pananalita, “Aba, ipinahiya mo

ako. Aba, ikaw, na hari, na asawa ko, naroon na gumagawa ng ganoon, kumikilos nang ganoon!”

113 Sabi ni David, “Bukas pag-iigihan ko pa nang higit doon. Siyanga, po!” Sabi niya, “Hindi mo ba alam na sumasayaw ako sa Panginoon?” Nakatawid na siya! Naroon na siya sa lupang pangako. Wala na sa kanya ang lahat ng mga pagtatanyag sa sarili at dumi ng sanlibutan. Napakasaya niyang malaman na papasok na ang kaban na iyon sa sarili niyang bayan.

114 At, oh, sinasabi ko sa inyo, natatakot ang ibang tao na tanggapin ang Banal na Espiritu, natatakot na baka magsalita sila sa iba’t ibang wika. Natatakot sila na baka may magsabi, “Ngayon, isa na siya roon sa mga taong nagsasalita sa iba’t ibang wika.” Natatakot silang pumasok sa simbahan at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, dahil ikinahihiya nila Ito. Uh! Oh!

115 May nagsabi na kailangan ko raw ipabalik ang mga teyp ko, dahil sa nangaral ako ng pagpapabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Hindi ko ipapabalik ang mga iyon. Mas marami pa ang gagawin ko! Siyanga, ganoon, gumagawa pa ng mas marami! Iyon ang Biblia. Kung hindi nila gusto ang ginawa natin kahapon, tingnan na lang kung ano pa ang gagawin natin bukas! Ganoon ang dapat na gawin, kita n’yo, basta magpatuloy lang. Wala itong katapusan, dahil ito ay sa Panginoon. Ito’y ang Diyos.

116 Alam n’yo ba kung anong ginawa ng Diyos? Dumungaw ang Diyos mula sa Langit, sinabi Niya, “David, ikaw ay lalaking ayon sa Aking Sariling puso.” Hindi nahihya si David. Isa siyang lingkod ng Panginoon. Iniibig niya ang Panginoon. At lubos ang kanyang kasiyahan, galak na galak, hanggang sa hindi na niya inisip ang karangalang pantao.

117 Nakita n’yo, gaya nga ng sinabi ko sa aking sermon kaninang umaga, takot na takot tayo, na, gusto nating isang Saul ang magturo sa atin, gusto natin ng isang Saul na galing sa kung saang seminaryo para sabihan tayo kung paano natin gagawin ang ating relihiyon at kung paano natin ito isasagawa. Iyon ay sa kabilang ibayo ng Jordan. Sa panig na ito, ang Espiritu Santo na ang nangunguna. Sa dakong ito wala ka na sa karumihang iyon. Sa dakong ito wala ka nang pakialam kung ano man ang iniisip nila. Sa dakong ito ay patay ka na, at ang iyong buhay ay nakatago na kay Cristo sa . . . at naselyuhan na ng Banal na Espiritu. Wala ka nang pakialam. Namumuhay ka na sa Canaan. Kaya mo nang kumain ng matigas na mais. Isa ka nang bagong nilalang kay Cristo Jesus. Papunta ka na sa lupang pangako.

118 Naalala ko na nakatayo ako roon noon, Kapatid na Collins, mahigit tatlumpung taon na ang nakalipas, noong hindi pa naitayo ang simbhang ito. Isa ito noong maliit na pagtitipon sa tolda na naririto sa kanto, ang una kong pagtitipon. Ipinangangaral ko na noon ang siya ring Ebanghelyong ito, ang

siya pa ring bagay, ang mga di-masukat na mga kayamanan ni Cristo, bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo, pagsampalataya sa bawat Salita na siyang Katotohanan, bautismo ng Banal na Espiritu, Makalangit na pagpapagaling, ang mga kapangyarihan ng Diyos, sadyang kung papaano ko Ito ipinangangaral ngayon, walang iniba ni isang pulgada mula sa alinman Rito. Mas marami pa Nito ang ipinahayag ng Diyos sa akin, kaya, habang ipinapahayag Niya Ito, patuloy ko lang na inihahatid Ito. Hindi Niya kailanman binabawasan ang naibigay na, patuloy lamang Siyang nagdaragdag pa Rito.

119 Nakatayo ako roon noong mga limandaang tao ang nakatayo sa mga pampang, umaawit ng, “Sa maunos na mga pampang ng Jordan ako’y nakatayo, at nakatingin na may pag-asam, sa mainam at masayang lupain ng Canaan, kung saan naroon ang aking pag-aari. Kailan kaya ako makararating sa mabiyayang dalampasigan at maging pinaggala magpakailanman, kailan kaya ako makararating at mapasa aking Amang...at magpasawalang hanggang mamahinga?” Noong simulan nilang kantahin ’yon, inaakay ko noon ang isang kabataang lalaki roon sa ilog para bautismuhan siya roon sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Sabi ko, “Makalangit na Ama, habang inilalapat ko po ang batang ito sa Iyo ayon sa kanyang pagpapahayag...” Isa lang ding kabataan, ako mismo, may mga larawan ako niyon sa bahay. Sabi ko, “Sa pagbautismo ko sa kanya sa tubig, Panginoon, ayon sa kanyang pagpapahayag, sa Pangalan ni Jesus Cristo na Anak ng Diyos, puspunin Mo po siya ng Banal na Espiritu.” At mga ganoong oras ding iyon ay may Isang nagpakawala ng alimpuyo, at hetong umiikot Ito pababa, ang Maningning at Tala sa Umaga ay tumapat doon. Naroon ang Liwanag na nakikita n’yo roon mismo sa larawan. Huminto Iyon doon.

120 Napabalita iyon sa buong mundo, hanggang doon sa Canada at sa palibot. Sabi nila, “Isang mahiwagang Liwanag ang nagpakita sa ibabaw ng isang lokal na ministrong Baptist habang siya’y nagbabautismo.”

121 Ilang araw na ang nakalipas, noong pumunta sa akin si Doktor Lamsa, at wala pa akong alam tungkol doon, at dinala sa akin ang isang larawan, na dala ngayon ng kapatid. Dala mo ba ’yung larawan? Nadala mo ba ’yung Biblia, na nakalagay doon, naroon ba iyon sa iyong aklat? Buweno. May isang larawan nung sinaunang Hebreong simbulo ng Diyos, na kaparehong-kapareho nung mayroon noong panahon ni Job, bago pa man naisulat ang Biblia. Ang Diyos sa Kanyang tatlong katangian, hindi tatlong diyos. Isang Diyos sa tatlong katangian. Ama, Anak, at Espiritu Santo, tatlong opisina na ginampanan ng Diyos. Hindi tatlong diyos, tatlong katangian! At hayun nga Iyon. Noong ang kilalang taong iyon, si Doktor Lamsa, ang salin ng Bibliang Lamsa, nang sabihin niya noong umagang iyon.

Nang sabihin ko iyon sa kanya, sabi ko—sabi ko, “Ano ang simbulo na ’yan?”

¹²² Sabi niya, “Iyan ang sinaunang simbulo ng Diyos, sa Hebreo. Ang Diyos, isang Diyos sa tatlong katangian.”

Sabi ko, “Gaya ba ng Ama, Anak, at Banal na Espiritu?”

¹²³ Huminto siya, at inilapag niya ang kanyang tasa ng kape, tumingin siya sa akin. Gene, palagay ko’y naroroon ka noon, Leo. Sabi, “Naniniwala ka ba roon?”

Sabi ko, “Nang buong puso ko.”

¹²⁴ Sabi niya, “Kagabi, nakatayo ako roon sa iyong pagtitipon, Kapatid na Branham, nakita ko ang pagkilala na iyon. Hindi ko pa iyon nakita noon sa America, sa lupain ko.” Sabi niya, “Ni hindi alam ng mga Amerikanong ito ang Biblia. Ang alam lang nila ay ang kanilang denominasyon. Ni hindi nila alam ang tinatayuan nila.” Sabi, “Wala silang alam.” Sabi niya, “Ngunit noong nakatayo ako roon kagabi,” sabi, “sabi ko . . .” Ngayon, Kapatid na Gene, sinasabi ko lamang ito na may pagpipitagan at pag-ibig at ganoon. Sabi niya, “Nasabi ko, ‘Isang propeta marahil iyon.’ Ngunit noong makita ko na naniniwala ka na ang Ama, Anak at Banal na Espiritu ay hindi tatlong diyos, mga katangian iyon, nang gayo’y alam ko nang isa kang propeta ng Diyos, kung hindi ay hindi iyon maipapahayag sa iyo nang ganoon.” Sabi niya, “Isang ganap na tanda ’yan.” Sabi, “Hindi ko pa . . .” Sabi, “Hindi ka ba oneness?”

¹²⁵ Sabi ko, “Hindi, ginoo. Hindi ako sa oneness. Naniniwala ako na ang Diyos ang siyang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, at ang tatlong katangian ay tatlo lamang na opisina na ipinamuhay ng iisang Diyos.”

¹²⁶ Sabi niya, “Pagpalain ang iyong puso!” Sabi niya, “Balang araw ay ibubuhos mo ang iyong dugo sa ibabaw ng lupa dahil diyan, subalit,” sabi, “laging namamatay ang mga propeta dahil sa kanilang paniniwala.”

¹²⁷ At sinabi ko, “Mangyari nawa, kung makalulugod iyon sa aking Panginoon.” Ang salin ng Bibliang Lamsa.

¹²⁸ Oh, totoo talaga iyon. Ilan nang beses, gaya nga ng sinasabi ko sa iglesyang ito, gaya ng sinabi noon ni Samuel bago nila pinili si Saul, “Bago kayo lumabas at sumali sa kung anong denominasyon ngayon, at itali ang inyong sarili sa kung anong uri ng relihiyon, bakit hindi n’yo hayaan na pangunahan kayo ng Espiritu Santo?” Bakit hindi n’yo gawing Tagapanguna ninyo ang Diyos at hayaan Siyang pagpalain kayo, at kalimutan na ang tungkol sa inyong denominasyon. Ngayon, hindi ko sinasabi na huwag na kayong makibilang sa anumang denominasyong iglesya, sumali kayo sa alinman na gusto ninyo. Nasa sa inyo na ’yon. Ngunit sinasabi ko sa inyo, bilang isang indibidwal, hayaan ninyong pangunahan kayo ng Espiritu Santo. Basahin n’yo ang

Biblia. At kung ano ang sinasabi ng Biblia na gawin n'yo, ay gawin nga ninyo. Pagpalain kayo ng Diyos.

¹²⁹ At ngayo'y naghintay ako ng matagal na panahon. Mayroon kaya rito na gustong pumila sa linya para sa pagpapanalangin upang maipanalangin. Kung gusto nga nila, maaari bang itaas nila ang kanilang mga kamay. Isa lang, dalawa, tatlo. Sige. Pumanhik na kayong lahat dito at tumayo rito kung gayon kung nais n'yo, ngayong oras na ito, at—at magkakaroon tayo ng pananalangin. At pagkatapos tayo'y . . . Ayaw ko pa kayong umalis. May iba pa akong gustong gawin nang opisyal bago lamang tayo—tayo magtapos.

¹³⁰ Ilan ba ang may gusto ng pag-aaral ng Aklat ng Mga Taga Galacia . . . oh, ibig kong sabihin Efeso pala? Ngayon, sa Miyerkules ng gabi, dadako na tayo sa Selyo. At pagkatapos sa susunod na Linggo ng umaga, dadako naman tayo sa pagpoposisyon sa iglesya. Oh, kung . . . tatalakayin siguro natin ang tungkol diyan, sa darating na Miyerkules na ito ng gabi, sa inyo na mga taong naririto sa Jeff. Inilalagay sa posisyon ang iglesya kung saan sila nararapat, bawat isa. Kung papaano tayo tinawag sa pamamagitan ng pagkukupkop. Kinupkop tayo ng Diyos na maging mga anak, mga anak tayo ayon sa kapanganakan. Kinupkop at ipinosisyon ng Espirtu Santo. Masdan n'yo! Ang bawat isa sa kanila ay mga Hebreo, noong tawirin nila ang ilog, ngunit hinati-hati ni Josue ang lupain at ibinigay sa bawat isa ang kanya-kanyang lupain ayon sa binigkas ng kanyang ina noong nanganganak, kung saan ang Espiritu Santo naman ang nagsabi sa ina.

¹³¹ Tingnan n'yo si Jacob noong nag-aagaw-buhay siya, isang propeta, nabulag na, hinila ang kanyang mga paa sa higaan, sabi, “Lumapit kayo mga anak ni Jacob at sasabihin ko sa inyo kung pasasaan kayo sa huling araw.” Luwalhati! Oh, alam kong tila ba kakaiba ako. Para bang kakaiba ang mga tao. Ngunit, oh, kung alam n'yo lang ang—ang katiyakan, ang—ang pag-aalab sa puso! “Lumapit kayo at sasabihin ko sa inyo kung pasasaan kayo sa mga huling araw.” At maaari kong kunin ang siya ring Kasulatan na iyan, at kunin ang mapa kung saan naroroon ang mga Judio ngayong araw na ito at patunayan sa inyo na nasa eksakto silang lugar na sinabi ni Jacob na kalalagyan nga nila sa huling panahon. At hindi sila kailanman, naparoon, hindi napunta sa lugar na iyon hanggang noong bumalik na sila mula noong ikapito ng Mayo, 1946, noong gabing nagpakita sa akin ang Anghel ng Panginoon doon at sinabi ang para sa misyon na ito. At maaari kong ipakita sa inyo na, noong bumalik sila sa bagong lupain, napunta sila mismo sa mga lugar na sinabi ni Jacob na pananahanan nila. At hayun nga silang naroroon ngayon. Oh, oh, naku, oh, naku! Isang araw mas malapit na tayo sa ating Tahanan, ang tanging bagay.

¹³² Kayong mga minamahal na tao, kayo'y may sakit, kung hindi ay hindi kayo tatayo diyan para lang tumayo. Kapatid n'yo ako. May atas sa akin mula sa Diyos na manalangin para sa mga maysakit. Hindi dahil sa aking . . . dahil sa may kapangyarihan akong magpagaling, wala ako. Subalit may kapangyarihan ako ng panalangin. Katulad nga ng sinabi ko kaninang umaga, walang anumang hawak noon si David kundi isang maliit na tirador, ngunit sinabi niya, "Alam ko ang magagawa nito gamit ang kapangyarihan ng Diyos na nakasuporta rito." Kita n'yo? May munting panalangin lamang ako na maiaalok para sa inyo, at ang mga kamay ko na maipapatong sa inyo, subalit alam ko kung ano ang magagawa ng pananampalataya sa Diyos. Ginawa niyon para sa iba, gagawin din niyon para sa inyo. Sampalatayanan ninyo 'yan ngayon habang pumapanhik kayong tuluy-tuloy rito, papalapit pa nang kaunti sa dakong ito.

¹³³ Ngayon, iniisip ko, upang maging lubos itong mabisa, kung hindi ko ba hihilingin sa kapatid ko na pumarito at pahiran sila ng langis. Maaari mo bang gawin iyon, Kapatid na Neville? Hihilingin ko sa iglesya na kung maaaring yumukod kayo sa panalangin.

¹³⁴ Ngayon naaalala n'yo, noong nakaraang linggo na malubha ang karamdaman ko gamit 'yung dating castor oil, talagang ibibigay ko ang kahit ano kung may nakapunta lang sana at nagpatong ng mga kamay sa akin. Kung may napapunta lang sana ako noon, na biniyayaan ng Diyos at tinulungan, ikalulugod ko talaga iyon. Nararamdaman n'yo ngayon ang katulad ng pakiramdam ko noon. Pakiramdam n'yo ngayon na gusto n'yong gawin ko kung ano ang gusto kong gawin sana ng sino man para sa akin nang sandaling iyon. Huwag nawang ipahintulot ng Diyos na umiwas ako sa tungkulin. Nawa ako'y laging, maging pagod man ako, kung saan nanlulupaypay man ako, kung saan hindi ko na halos maihakbang ang aking mga paa, nawa'y humayo ako, dahil makikita ko ang bawat isa sa inyong muli, doon sa Lupain sa dakong iyon.

¹³⁵ Pagkatapos kayong mga matatandang kababaihan, mas nakatatandang kalalakihan, mahihina na, ubanin na ang buhok at nalalagas na, at unti-unti nang bumabagsak na gaya ng isang rosas na namukadkad na ang munting buko nito, nangalaglag na ang mga talulot nito at nangahuhulog na, sadyang unti-unti na kayong bumabagsak, hindi ba? Siyang. Sadyang. . . . At ang tanging bagay kaya gusto pa rin ninyong manatiling magkakasama ay upang magliwanag para sa ikaluluwalhati ng Diyos. Kaya ngayong dinukot na kayo ng kaaway at nanghihina na, parating na akong dala ang tirador ng Diyos, na may isang pananampalataya, kalakip ang isang kaloob na ibinigay sa akin ng Diyos. Ganito ang sabi ko, para maunawaan ninyo ito. Sabi ko, "Kung darating lang sana si Pedro, o ang iba sa kanila." Huwag ganoon ang sabihin n'yo. Hindi n'yo na kailangang

ipagdasal na sana dumating ako. Basta pumunta lang kayo nang ganito, saka sabihin, gaya sa babaeng ito, sabihing, “Ikaw ba si Kapatid na babaeng *Ganito-at-ganoon*?” Ano’ng pangalan mo? Kapatid na babaeng Howard. Sabihing, “Ikaw si Kapatid na babaeng Howard. Isa ka bang mananampalataya, Kapatid na babaeng Howard? Nananampalataya ka. Isa kang mananampalataya. Kung gayon, nakita mo, may karapatan ka sa lahat ng mga pagpapala ng pagtubos.” Pagkatapos ay sasabihin ko, “Kapatid na babaeng Howard, magiging maayos na ang lahat,” at lalakad na palayo. Oh, gaanong... Sabi ko, “Hihiyaw ako, sisigaw ako.” Sasabihin ko, “Panginoon, siguradong mangyayari iyon. Siguradong mangyayari iyon.”

¹³⁶ At naisip ko, “Buweno, ganoon din ang iniisip ng mga tao kapag dumarating ako’t ipinanalangin sila.” Kaya ganoon nga. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin?

¹³⁷ At tumayo ako, maraming beses na, at hinawakan ang mga tao, at nagsabi, “Oh, mahal na kapatid, sasampalatayanan mo ba Ito? Oh, sasampalatayanan mo ba Ito?” “Panginoon, O Diyos, gawin Mo po na manampalataya sila Rito. Pasampalatayanin Mo nawa sila Rito.” “Oh, pakiusap, maaari bang tanggapin mo na Ito ngayon?” Hindi ganoon ’yon. Napagdaanan ko na ’yan. Nadaanan ko na ’yan.

Ganito lang ang sinasabi ko, “Kapatid na babaeng Howard, isa ka bang mananampalataya?”

“Oo, ako nga.”

¹³⁸ “Buweno, Kapatid na babaeng Howard, kung isa kang mananampalataya, tagapagmana ka sa lahat ng bagay na mayroon ang Diyos.” At hahawakan lang ang kamay niya. Kita n’yo, sumasampalataya ako roon. Kauugnayin ko si Kapatid na Howard sa pagpapatong ko sa kanya ng aking mga kamay. Hindi kailanman sinabi ni Jesus na “ipanalangin ninyo sila,” ang sabi Niya, “Ipatong lamang ang kanilang mga kamay sa kanila.” Ganoon lang, pagkatapos ay gagaling na siya. Maaari niyang sabihin, “Magiging maayos na ang lahat,” Kapatid na Howard. Pagkatapos ay puwede ka nang umuwi at magiging magaling na. Pagpalain ka ng Diyos.

¹³⁹ Ikaw si kapatid na...[Sinasiabi ng kapatid na babae, “Hampton.”—Pat.] Kapatid na babaeng Hampton, isa kang mananampalataya, hindi ba? [“Ako nga po.”] Tagapagmana ka sa lahat ng ipinagkaloob Niya. Sumaiyo ang Diyos, Kapatid na Hampton. Umuwi ka na at maging magaling na ngayon. Paggalingin ka na ni Jesus Cristo.

¹⁴⁰ Ikaw si kapatid na...[Nagsasalita ang kapatid na babae—Pat.] Slaughter. Iyon ay...Ikaw ’yung ipinanalangin namin doon sa ospital. Isa kang mananampalataya, kung ganoon, Kapatid na Slaughter, isang tagapagmana sa lahat ng hinihiling natin. Kapatid na Slaughter, matanggap mo nawa

ang hinihingi mo, at maging magaling na. Ipagkakaloob iyon ng Diyos sa iyo.

141 Kapatid na Gene, nananampalataya ka ba na ipagkakaloob sa iyo ng Diyos? [Sinasiabi ni Kapatid na Gene, “Siyanga, po. Siyanga, po.”—Pat.] At ipagkaloob nawa ng Panginoong Diyos sa iyo, Gene, ang mismong hinihiling mo! . . . ? . . .

142 Kilala kita. [Nagsasalita ang kapatid na babae—Pat.] Isa kang mananampalataya, kapatid. [“Oh, siyanga.”] Kilala kita. Ito ang asawa mo na naroon. Siya’yung ipinanalangin ko sa telepono noong araw na iyon. Lagi kong naaalala iyon. Hindi makapunta sa pagtitipon sa Tulsa. Dumalo sa pagtitipon. At pinagaling siya ng Panginoon, pinapunta siya sa pagtitipong iyon. Bilang kinatawan naman ng iba ay nakatayo ka riyon. [“Sa pamangkin kong lalaki.”] Napakagandang maka-Cristianong bagay, kapatid! Kita n’yo? Siya rin naman ay kumatawan. Tumayo Siya para sa ating lahat. Isa kang mananampalataya at may karapatan sa lahat ng ipinangako ng Diyos. Ako’y Kanyang lingkod. At sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinagkakaloob ko sa iyo ang hinihiling mo. [“Sumasampalataya ako rito.”]

143 Halika, Kapatid na Neil. Pagpalain ka ng Diyos. Naging napakabuti Niya sa iyo. Isa kang mananampalataya. Alam kong ikaw nga. Naniniwala akong ipagkakaloob sa iyo ng Diyos ang lahat ng hinihiling mo, sapagkat isa kang mananampalataya. At bilang lingkod Niya, sa iyo, kapatid ko, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ibinibigay ko sa iyo ang hinahangad ng iyong puso. Humayo ka at tanggapin iyon. Pagpalain ka ng Diyos.

144 Kapatid na babaeng Bruce, kakilala kita. Kakilala ka nung munting nurse na humaplos sa likod ko. Taga-roon siya sa malapit sa Motel JJ, Twin J, o parang ganoon. Tatayo ka para sa iba. At ano’ng inaasam mo sa gabing ito mula sa iyong Ama? [Sinasiabi ni Kapatid na babaeng Bruce, “Para sa sarili ko, ngayong gabi.”—Pat.] Para sa sarili mo, sa gabing ito. [Nagsasalitang muli si Kapatid na babaeng Bruce.] Kung gayon, hinaltak ka ng kaaway sa hindi na kayang abutin ng doktor, ngunit kukunin kita, gamit ang isang tirador. At sa Pangalan ni Jesus Cristo, itinututok ko ang bala ng tirador sa bato na bumara sa iyong mga kidney. Ibabalik ka nito sa Diyos, sa Kanyang tahanan.

Hiniling po namin sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

145 Kayo po ba ang ama ng lalaking ito, ginoo? Kayo po ba ay isang mananampalataya? [Nagsasalita ang kapatid na lalaki—Pat.] May luslos sa inyong tagiliran; mababa, at nasa bandang kaliwa ninyo. Nananampalataya po ba kayong ipagkakaloob iyon ng Diyos sa inyo, ginoo, at bilang Kanyang lingkod?

146 Panginoon, ang kamay na ito marahil ay gumawa ng maraming mabibigat na gawain sa maghapon. Pumarito para sa

isang layunin, isang bagay na gagawin. Ipagkaloob Mo po ito, na ninanasa ng kanyang puso, Ama, ayon sa aking dalangin sa Pangalan ni Jesus na Iyo pong ipagkakaloob. Amen.

¹⁴⁷ Huwag kang mag-alinlangan. Ang luslos na 'yan ay pahihintuin ka na sa pananakit diyan, at magiging maayos ka na. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

¹⁴⁸ [Sinasabi ng isang kapatid na babae, “Pinananakit ang ulo ko at ang lalamunan ko. Pinananakit ang tadyang ko kapag umuubo ako. Hindi ako makakanta. Wala akong magawa. Ako...?... At hindi ako gaanong makatulog. Ni wala akong magawang kahit ano.”—Pat.] Isa kang mananampalataya, di ba? [“Ako nga. Puspos ako ng Banal na Espiritu.”] Isa kang mananampalataya. [“Alam kong nananahan ang Diyos sa loob.”] At ikaw ay isang—isa kang tagapagmana sa lahat ng mga pagpapalang ito. [“Alam ko. At sumasampalataya ako. Naniniwala ako sa iyong mga panalangin, Kapatid na Branham. Nananampalataya ako na pagagalangin ako ng Diyos. Naniniwala ako na tinutugon Niya ang mga panalangin mo.”] Salamat.

¹⁴⁹ Ama, dinadala ko ito, ang aking kapatid, sa linya ng tudlaan, sa sentro ng puntirya. At ibinabalik ko siya sa Iyo, mula sa pagkakahawak ng kaaway, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

¹⁵⁰ Sadyang mangyayari nga nang ganoon. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Oo, Kapatid na Branham.”—Pat.]

¹⁵¹ [Sinasabi ng isang kapatid na babae, “. . .? . . . May baga ako na namamatay na, at ang isa’y patay na.”—Pat.] Isang operasyon sa baga.

¹⁵² O Panginoon, sa pagtayo ng kabataang babae na ito rito, bagama’t nasa kasibulan pa lamang ng kabataan, idinadalangin ko siya. At isang baga na kinakailangang tanggalin, at magiging hukot na siya, sa nalalabing buhay niya. Ikaw po ang aming Ama, at itinututok ko ang apoy ng panalangin mismo sa kanya, Panginoon, diretso mismo sa baga na iyon. Isinusugo ko ang panalangin na ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Tamaan nawa nito ang bagang iyon at pagalangin iyon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, hinihiling ko ito. Amen.

¹⁵³ Ikaw si Kapatid na babaeng... [Sinasabi ng kapatid na babae, “Kapatid na babaeng Gibbs.”—Pat.] Kapatid na babaeng Gibbs. [“Sa ulo mismo, at sumasakit sa palibot nito.”] Mismo. Nakaurong ang ulo mo sa akin. Isa kang mananampalataya at tagapagmana sa lahat ng mga pagpapala ng Diyos, Kapatid na Gibbs.

¹⁵⁴ Panginoon, idinudulog ko po siya sa Iyo, gamit ang maliit na tirador na ito na ibinigay Mo sa akin, gaya ng binigyan Mo rin si David ng tirador, upang bantayan ang mga tupa ng kanyang ama. At kung pumasok man ang kaaway para hulihin ang tupa, hindi siya natatakot. Dinadampot niya ang

maliit na tirador na iyon at hinahabol mismo ang mga leon at—at mga oso, at dinadala niya pabalik ang tupa. Ito ay isang panalangin ng pananampalataya. Sinabi Mo po sa akin na kung aking “mapapasampalataya ang mga tao at maging matapat.” Ibinabalik ko si Kapatid na babaeng Gert ngayong gabi. Inaagaw ko siya sa mga kamay ng kaaway. Siya ay Iyong tupa. Ibinabalik ko siya sa kawan ng Ama, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

¹⁵⁵ [Sinasabi ng isang kapatid na babae, “Kapatid na babaeng Lowe.”—Pat.] Kapatid na Lowe. [“May sakit ako sa presyon.”] Mataas na presyon ng dugo. At isa kang mananampalataya, di ba, Kapatid na Lowe? Isang tagapagmana sa lahat ng pangako.

¹⁵⁶ Kung gayon, Ama, Diyos, itinututok ko ang panalangin na ito ngayong gabi, na tulad ng sa tirador ng Diyos, para sa mataas na presyon ng dugo ni Kapatid na Lowe. At nawa sa susunod na kunan ng manggagamot ng presyon ng dugo, tumingin nawa ito sa kanya at magsabi, “Ito ay normal na ngayon.” Malalaman niya kung ano ang may gawa niyon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ibinibigay ko iyon sa kanya. Amen.

¹⁵⁷ [Nakikipag-usap ang isang kapatid na lalaki kay Kapatid na Branham—Pat.] Oo. Sana’y narito ang tatay ko ngayong gabi, maaari ko siyang idulog sa panalangin ngayon mismo. Idadalangin ko ang sa iyo, rin. Nauunawaan ko.

¹⁵⁸ Makalangit na Ama, ang ama ng batang lalaking ito, na narito siya sa mundo ngayong gabi nang dahil sa kanya. At hangarin ng sarili niyang anak na ang kanyang ama ay maibalik; na naroon sa sanlibutan ng kasalanan, lasenggo. O Panginoon, isinusugo ko ang panalangin na ito na may pananampalataya at lakas, at sa buong lakas na maihahagis ko ito, itong munting batong ito, sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Ipinupukol ko ito sa diablo na bumitag sa bagay na iyon roon. At lumisan nawa ito. At ligtas nawa siyang makapasok sa kawan, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹⁵⁹ [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, “Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham, na taglayin ko ang Banal na Espiritu. Gusto kong matanggap ang Banal na Espiritu. Kinakailangan ko. May paghahangad ako. Kailangan kong matanggap ang Banal na Espiritu.”] May paghahangad ka na matanggap Ito. Nais mong makapasok sa Lupain kung saan naroon ang lahat ng mga pangako. [“Oo.”]

¹⁶⁰ At ngayon, Panginoon, ang kabataang ito ay nasa kabilang ibayo lamang ng ilog, nakakampo sa may kabilang pampang, at umaapaw ang Jordan. At walang paraan para makatawid siya maliban na gumawa Ka ng daan katulad ng ginawa Mo noon para kay Josue at para sa Israel. At, Ama, hinihiling ko po sa Iyo, bilang lingkod Mo, ipahintulot na ang aming mahal na kapatid, O Diyos, papasukin Mo siya sa Lupang pangako na ito,

sa pangakong ito. Na, sa kabilang ibayo, kung paanong dinala ako noong nakaraang gabi, magkaroon nawa ako ng pribilehiyo na mahawakan siya at mayakap siya, doon sa ibang Lupain na iyon, sinasabing, “Mahal kong kapatid.” Ipagkaloob Mo ito, Panginoon. Matanggap nawa niya ang pangako ng Diyos, ang Banal na Espiritu. Amen.

161 O Panginoon, dito, sa magiliw kong kapatid; ang kamay na ito na naging mabait sa akin, at gumawa ng mga bagay para sa akin, na hindi man naipabatid. Siya ay nananampalataya at may pananampalataya. At sinisikap ngayong hawakan ng kaaway, itong kaibigan ko; sugar; at akala niya siya—mahahawakan niya ang lalaking ito. Ngunit hahabulin ko siya. Papunta na ako, upang dalhin pabalik ang sa Iyo, Panginoon, na ipinupukol ang batong ito na nakasentro ang pananampalataya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo pinapatamaan ko ang sugar diabetes na iyan! . . .? . . . ang kapatid ko. Dalhin Mo po pabalik ang Iyong sariling tupa sa kawan, Ama, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

[Nakikipag-usap si Kapatid na babaeng Bell kay Kapatid na Branham—Pat.]

162 O Panginoon, alam ng aming kapatid na ang labis na timbang na ito ay, gaya ng sinasabi ng doktor, ay ang bagay na pumapatay sa iyo. “Bawat libra, na sobra sa timbang, ay bumabawas ng isang taon,” ayon sa kalendaryo ng insurance. At nais pa niyang mabuhay sa ikaluluwalhati at ikapupuri ng Diyos. At walang doktor na makagagawa nito, Ama, Diyos. Ito ay tanging nasa—nasa Iyong kamay lamang. At si Kapatid na babaeng Bell ay naging napakatapat. At naging mabait at matiisin siya sa mga pagsubok, na pinagdaraan. Dumaan na siya sa maraming matitinding pagsubok. Dumudulog ako para sa kanya ngayong gabi, Panginoon. Paroroon ako upang kaharapin ang kaaway na iyon doon. Pinupuntirya ko nang hustong-husto sa abot ng makakaya ko. Sa Pangalan ni Jesus Cristo ipinupukol ko sa kalaban na humahawak sa kanya ang batong iyon ng pananampalataya. Bulabugin nawa nito ang diablo, at itaboy ito palayo sa kanya, at siya’y maibalik na muli sa malililim na sariwang pastulan at sa mga tubig na pahingahan, sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Amen.

Mangyayari iyon, Kapatid na babaeng Bell. Huwag ka lang mag-alinlangan.

163 Kapatid na babaeng Spencer. [Sinasabi ni Kapatid na babaeng Spencer, “Kapatid, Kapatid na Bill, mas lalo ko pang iniibig ang Panginoon sa araw-araw na nabubuhay ako. At nagpupunta ako rito ng dalawampung taon na, sa lugar na ito. At napagaling na ako mula sa halos lahat na ng naging karamdaman ko. Naaalala mo ang lahat ng iyon, at . . .? . . .”—Pat.] Tunay na naaalala ko, kapatid . . .? . . . [“At pinagpala Niya ako nang lubos! At mas lalo ko pa Siyang iniibig,

sa bawat araw ng buhay ko. Alam kong napakaganda ng buhay ko sa Panginoon.”] Naniniwala ako riyan, Kapatid na Spencer. [“Masaya ako. Masaya ako! Kung hindi ito ang Banal na Espiritu na taglay ko, ako’y—ako’y naroon pa rin sa altar sa lahat ng bagay na ipinagkaloob Niya para sa akin. At mamamatay ako sa altar.”] Amen. [“Doon ko gustong mailagay ang hawakan ng pintuan, ang mamatay sa altar kasama ni Jesus.”] Amen. Diyos, ipagkaloob Mo po iyon sa kanya. Amen. [“At sasabihin ko sa iyo ang gusto kong gawin mo sana. At sa pagtungo, sadyang isinama ko sa pagpasok ang buong pamilya ko. Ngunit gusto kong ang buong pamilya ko, alam mo na.”] Nauunawaan ko. [“Gusto kong maligtas ang mga mahal ko sa buhay.”] Ang mga anak mo. Tama iyon. [“At ang mga anak ko.”] Opo, ginang. [“At ang sambahayan ko.”] Siyanga, po. Alam ko iyon. [“Pakiramdam ko naman silang lahat ay nasa mabuti.”] Oo. [“Idinalangin mo na kami.”]

¹⁶⁴ Kilala nating lahat si Kapatid na babaeng Spencer, at alam kung gaanong siya at si Kapatid na Jess ay nanatili pa rin sa kabila ng mga paghihirap, ngunit kung saan pumaparito pa rin sila sa iglesya. Kapag nakatawid na ako sa kabilang ibayo, hindi na sila mahihirapang magpalakad-lakad nang ganito. Babata sila. Oh! Kapatid na Jess, kung akin lamang...?... alam mo na. At saka ninyo malalamang lahat kung paanong, sadyang—doon lang sa kabilang ibayo ng munting...?... doon, manunumbalik ka sa pagiging magandang kabataang babae na iyon muli, at si Kapatid na Jess nama’y sa pagiging kabataang lalaki. Ipinangako ng Diyos sa inyo.

¹⁶⁵ Ngayon, tingnan n’yo. Gusto kong magbigay sa inyo ng isang talagang munting aralin lang, yamang ikaw naman na ang pinakahuli rito, gusto kong magbigay.

¹⁶⁶ Dahil, alam kong ito ang anak mong lalaki, si Charlie. Gusto mo ba siyang maipanalangin? [Sinasabi ni Kapatid na Charlie, “Opo.”—Pat.]

¹⁶⁷ Gusto kong sabihin ang isang bagay na ito. Nabasa n’yo na ba sa Kasulatan kung saan sinabi ng Biblia ito? Sinabi ni Pablo sa Senturiong Romano.

Naririnig n’yo ba ako nang maayos? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

¹⁶⁸ Sinabi sa naturang Romano, noong binunot nito ang sariling tabak, para magpakamatay, doon sa Filipos noong nakabilanggo siya. At niyanig ng lindol ang bilangguan. Ang sabi niya, “Manampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo, at ikaw at ang iyong sambahayan ay maliligtas.” Narinig n’yo na ba iyon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] “Ikaw at ang iyong sambahayan.” [“Amen.”] Ngayon, tingnan n’yo. Kung may sapat kang pananampalataya para sa sarili mong kaligtasan, hindi ka ba magkakaroon din ng sapat para sa iyong

sambahayan? ["Amen."] Ang Diyos, sa kung ano mang paraan, ay gagawin iyon.

¹⁶⁹ At, Panginoon, dumadalangin po ako para kay Kapatid na babaeng Spencer at Kapatid na lalaking Spencer; ngayong gabi, na nawa ang bawat anak, sila at ang kanilang mga anak, ay paroroon lahat sa maluwalhati, masayang Lupain doon kung saan wala nang karamdaman o wala nang pagtanda, walang pagdadalamhati o mga kabiguan, at ang lahat nitong maikling buhay rito ay maglalaho na sa bangungot na nagdaan. Matanggap nawa nila ito, at nawa ang lahat ng kanyang mga anak, at ang kanyang asawa, lahat ng mga mahal niya sa buhay, at lahat ng mga nagmamahal sa kanya, at lahat ng mga minamahal niya, maparoon nawa sila kasama niya, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹⁷⁰ [Sinasiabi ni Kapatid na babaeng Spencer, "Amen. Salamat."—Pat.] Pagpalain ka ng Diyos. ["Magwawalumpu't dalawa na ako, malapit na malapit na."] Walumpu't dalawang taong gulang. ["...?... Pero nanghihina na ang mga iyon, sa ganoong edad. Pero ako pa rin ang nagluluto para sa sarili ko, naglalaba, at nagplaplantsa, at naglilinis ng bahay."] Katulad lang ng bumabagsak na ang mundo, Kapatid na Spencer. ["Oo, ganoon nga. Pagod na pagod ako, palagi. Nangyayari ito sa kanila... Tinanong ko ang nanay ko, 'yung aking madrasta, na siyamnapung taong gulang na, kung anong pakiramdam mo kapag tumanda ka na, matagal nang panahon 'yun. Ang sabi niya, 'Rose, siguro magiging lagi ka nang pagod.' Pagod na ako."] Buweno, sadyang handa ka na para magpahinga, alam mo na. ["Pagod na pagod ako, palagi. Kailangan ko ng pahinga. Kailangan ko iyon."] Opo, ginang. ["At gusto kong magpahinga sa Panginoon, nang nakaluhod. Bawat, lahat ng pangangailangan ko."] Opo. Panatilihin mo lang ang iyong pananampalataya mismo sa Kanya, Kapatid na Spencer, at makatatawid ka. ["Nais kong mamatay sa altar, sa Pangalan ni Jesus. Siya ang gusto kong makita, hanggang sa patuloy Siyang tumatawag."] At sinabi Niya... ["Nais ko ang lahat ng bagay na inilaan Niya para sa akin."] At kasing tiyak ng nakatayo ako rito nang ganito kasama mo, ngayong gabi, Kapatid na Spencer, sa Kanyang biyaya ay makikita kita at si Jess sa kabilang ibayo ng hangganan doon, na bata pa at malusog. Kayong lahat ay magsisitakbo, tumatawag, "Kapatid ko! Kapatid ko!" ["Oo."] Makikita kita.

Ang kanyang nerbiyos.

¹⁷¹ Ama, Diyos, ang babaeng ito ay nagkaroon ng panlulupaypay, wala nang magagawa pa para sa kanya ang medisina. Siya na lang, ang pumipigil. Ngunit dumudulog ako para sa kanya ngayong gabi. Lumalapit ako sa Iyo, Ama. Lumalapit ako, hinihiling sa Iyo na idirekta ang tudla na kailangan ko, na ititira ko. Ito nawa ay sumentro, na

ang pangsipat nakatutok mismo sa kanyang likod. Nawa'y tamaan ng panalangin ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang pagkanerbiyos na iyon at pagpira-pirasuhin ito, ibalik ang tupang ito sa pastulan ng Diyos. Amen.

Siguradong mangyayari iyon, mahal ko.

¹⁷² [Sinasabi ng isang kapatid na babae, “Basta manalangin lamang. May anim akong anak na hinihiling kong pagalingin ng Diyos at iligtas.”—Pat.]

¹⁷³ Diyos ng Kalangitan, ipagkaloob Mo po iyon, ang anim niyang anak na hinahangad niyang maligtas. Narinig niya ang patotoong iyon ni Kapatid na Daulton, ang magigiliw niyang mga anak na babae. Kanyang idinudulog ang kanyang anim na anak, Ama. Mapasa kanya nawa sila. Makita nawa nila siya sa Lupain na iyon kung saan wala nang gabi, ligtas na pinangangalagaan at kinakanlungan ng Dugo ni Jesus Cristo. Amen.

Mapasa iyo nawa sila, kapatid, ang dalangin ko.

[Nakikipag-usap ang isang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.]

¹⁷⁴ Naniniwala ako sa iyo. Walang anuman, halos, na makakatulong rito. Binibigyan nila sila ng maliit na bagay na para bang, oh, parang katulad ng isang acetamin. Isa itong cortisone, ang tawag nila rito. Iyon, pinapatay ka nun, halos. Sinisira nun nang husto ang dugo mo. Pero, tingnan mo. Kita mo, ang arthritis ay gaya ng leon na sumunggab sa tupa saka tumakbong palayo. Ngayon, ano ang magagawa ng isang tirador? Oh, naku! May malaking, umaatungal na leon na tangay ang isang tupa. At gustung-gusto nito ng tupa, kaya tumakbo siyang palayo na tangay ang tupa. Ngunit kinuha ni David ang tirador at hinabol iyon. Kita n'yo? Ngayo'y masdan n'yo. May limang bato siya: f-a-i-t-h, siya mismo, s-a. Ang kanyang tirador ay nasa kamay na *ito*: J-e-s-u-s. Sentrong-sentro siya. May tiyak na mangyayari. Habulin natin ang arthritis na iyon, ngayong gabi, sa pamamagitan ng panalangin na ito. Ipagkaloob nawa ito ng Diyos sa iyo.

¹⁷⁵ [Nakikipag-usap ang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.] Gusto niyang magpabautismo sa Pangalan? [“Hindi. Hindi. Hindi niya sinabi 'yon.”] Gusto mo siyang mabautismuhan. [“Hangad ko na makita siyang mabautismuhan.”] Salamat, kapatid. Hindi sa dahilan na ganoon ang paraan. Iyon ay dahil . . . Ngayon, kung nasa Biblia iyon, para sa, “Ama, Anak, at Banal na Espiritu,” ako'y—paniniwalaan ko iyon, mananatili ako mismo rito, kapatid. Ako—ayaw kong maging iba. Ako—gugustuhin ko rin nang ganoon. Hindi ko hahayaang . . . Ako—mananagot ako para doon, nakita mo. At kinakailangan kong sabihin iyon kung

paano talaga *Niyan* sinasabi iyon; hindi para maging iba, kundi upang maging matapat.

¹⁷⁶ Ngayon, Ama, dumudulog kami para sa kanyang mga mahal sa buhay. Na may arthritis, at narito't nais niya na mabautismuhan ito sa Pangalan ng Panginoong Jesus, sapagkat iyon ang pasukan. Iyon ang bukas na pintuan. Doon binuksan ni Josue ang isang daanan na tumatawid papasok sa lupang pangako. Walang dalawa o tatlong lugar na bumukas; may iisa lamang.

¹⁷⁷ Si Pedro, sa Araw ng Pentecostes, nang ang Iglesia noon ay unang pinasimulan, ay nagbukas ng isang daanan, ang sabi, "Mangagsisi ang bawat isa sa inyo at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo." Hindi sila kailanman nag-iba mula sa siya ring daan na iyon, tumawid ang bawat isa patungo sa Lupang pangako.

¹⁷⁸ Sinusubukan ng ilan sa kanila na makatawid, doon sa malayong iba pang tawiran, at sinabi ni Pablo sa kanya, "Sa ano ka nabautismuhan? Saan mo ba sinusubukang tumawid?"

At sabi nila, "Dito sa kung saan tumanaw si Juan."

¹⁷⁹ Sabi niya, "Buweno, itinuro lamang ni Juan ang panahon, at ang dako." At pagkatapos nang marinig nila ito, binautismuhan sila sa tamang tawiran. At tumawid sila, at tinanggap ang Espiritu Santo, nang maayos.

¹⁸⁰ Ipagkaloob Mo po ito sa aming kapatid at sa kanyang mga mahal sa buhay, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

¹⁸¹ Kapatid na Lyle. [Sinasabi ni Kapatid na Lyle, "Naniniwala ako na ikaw nga ang talagang tunay na pinuno, Kapatid na Branham."—Pat.] Oh, kapatid! ["Naglakad nun palapit...?... Naaalala mo ba kung mayroon doon sa panaginip, may isang dumating...?...Kung babanggitin mo 'yung panaginip, ayos lang 'yon. Iyon 'yung napanaginipan ko. Kung saan, lagi kang nananaginip nang mabuti!...?..."] Oo. Kailan lang iyon. ["Oo."] Oo. Nagagalak ako...?...Pagpalain ka ng Diyos. Nasa daan ka na patungo sa Lupang pangako ngayon! Marahil ay babanggitin ko 'yun.

¹⁸² Ilan ang nakakaalala noong bago pa lamang makumpirma sa akin ang ministryong ito, at ako'y namimingwit kasama ang isang tao isang araw, doon sa isang ilog, sa lawa? At nanghuhuli ako noon ng maliliit na isda, at dumating sa akin ang Espiritu Santo. May isang... Ang lalaking ito ay isang Saksi ni Jehovah, dati. Ang kapatid niyang lalaki ay naririto sa kung saan mang dako, si Banks Woods. Naririto siya sa kung saan man, na kapitbahay ko.

¹⁸³ Ito si Lyle. At ang mga taong ito ay mga Saksi ni Jehovah noon. At sabi nila, isang araw noong namimingwit kami roon, pagkatapos na maakay ang kabataang ito, sinabi ko sa kanya na

may kung anong bagay sa buhay niya, at kung ano—kung ano ang naganap, at ang lahat ng tungkol dito. Na, kasasabi pa lang niya ngayon sa akin, at natanggal na niya iyon sa kanyang buhay, siyanga, kung ano man iyon. Talagang totoo 'yun. Ang ama niya ang siyang—siyang tagabasa noon sa simbahan. Narito ba si tatay ngayong gabi, Billy? [May nagsasabi, “Hindi alam.”—Pat.] At siya at ang kanyang asawa, kapuwa, ay nabautismuhan, upang maging mga patotoo sa Pangalan ni Jesus Cristo, dito sa bautismuhan. At nakaupo sa tabi ko ang lalaking ito, isang araw.

¹⁸⁴ Banks, nasaan ka? Naririto ba siya ngayong gabi? [May nagsasabi, “Naroroon sa may sulok doon sa bandang likuran.”—Pat.] Naroroon sa sulok. Oo.

¹⁸⁵ At namimingwit kami noon. At, kapatid, napatay ng maliit na anak ko . . . Naisip ko na nakapatay kasi siya ng isang kuting, ilang araw bago 'yun. Ang munting matandang inang pusa na iyon ay nanganak ng ilang maliit na kuting, at dinampot niya iyon at ibinagsak iyon. Naisip ko . . .sabi ko, “Bubuhayin ng Panginoon ang isang munting buhay,” noong araw bago iyon. Tama ba, Lyle? [Sinasabi ni Kapatid na Lyle Wood, “Oo.”—Pat.] Naroroon kami noon sa isang look. At sabi ko, “Iyon ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” At namingwit kami nang magdamag at walang anumang nahuli.

¹⁸⁶ Kinaumagahan, namimingwit kami noon, doon sa maliit na look, ng ilang bluegill. Iyon ay maliit na isda. At may malaking pamingwit si Kapatid na Lyle, at hinayaan niyang lamunin iyon ng maliit na bluegill, 'yung malaking kalawit na gamit niya, hanggang sa, noong hilahin na niya iyon, 'yung manipis na pisi ay nakakabit papaba, nung malaking kalawit, sa tiyan nung maliit na bluegill. At nang hilahin niya iyon palabas, sadyang kinailangan niyang hilahin pati ang bituka at lahat na mula roon sa maliit na bluegill, para makuha iyon. At hinila na lang basta lahat iyon, dahil pumasok na 'yung malaking kalawit doon sa tiyan ng isda. At noong ginawa niya iyon, itinapon niya 'yon doon sa tubig. At nangisay lang iyon, nang apat o limang beses, at iyon na, dahil nakalaylay na ang bituka nito at hasang palabas sa kanyang bibig. At nagpalutang-lutang iyon doon nang mga kalahating oras, lumutang papunta doon sa mga palumpong.

¹⁸⁷ At nakaupo ako roon, na namimingwit. At bigla na lang, dumating ang Espiritu Santo, sabi, “Magsalita ka sa isdang iyon.”

¹⁸⁸ Sabi ko, “Munting isda, ibinibigay muli ni Jesus Cristo ang iyong buhay.” At ang maliit na isdang iyon, na noo'y patay nang nakahimlay sa tubig, ay bumalikwas sa kanyang tagiliran, at saka nag-rrrrroot,” pailalim doon sa tubig, na simbilis ng makakaya niya.

189 Naroon sina Kapatid na Lyle at Kapatid na Woods. Sabi ni Kapatid na Lyle, “Kapatid na Branham, para iyon sa akin, dahil sinabi ko sa maliit na . . .

190 [Nakikipag-usap si Kapatid na Branham kay Lyle Wood—Pat.] Ngayong gabi, puwede ko bang sabihin sa kanila ang sinabi mo? [Sinasabi ni Kapatid na Lyle Wood, “Puwedeng-puwede. Ayos lang, Kapatid na Branham.”]

191 Ang sabi niya, noong hilahin niya ’yung bituka mula rito, itinapon niya ito roon, sabi, “Wala nang natira sa iyo, munting nilalang,” nang ganun lang. Itinapon iyon.

Sabi niya, “Iyon—ako ang tinutukoy nun.”

At sabi ko, “Hindi, Kapatid na Lyle. Hindi ’yan iyon.”

192 Si Kapatid na Banks naman doon sa likuran, ang sabi, “Ilang tao sa mundong ito, ilang libo, ang gugustuhing makatayo kung saan tayo nakatayo ngayon mismo, para makita ang kapangyarihan ng Diyos na bumaba at gumawa ng ganyang bagay!” Sa ibang salita, para bang siya’y . . .

193 Palagay ko naramdaman naming lahat ang katulad ng naramdaman ni Pedro, “Mainam na maparito. Magtayo tayo ng tatlong tabernakulo.” Kita n’yo? Siyanga.

194 Ngayon, Kapatid na Lyle, ikaw ay pinahiran na ngayon ng Espiritu Santo. Iniwan mo na ang Egipto. Iniwan na ang mga palayok ng bawang at kahalayan ng sanlibutan. Nakatayo ka na doon sa pampang ng Jordan ngayon, doon lang sa kabilang ibayo. Itawid ka nawa doon ng Diyos, Lyle.

195 Diyos na Makapangyarihan sa lahat, narito po ang Iyong tropeo. Talagang nasa grabeng kalagayan na siya noon, Panginoon, ngunit ang puso ko ay nalugod sa kanya. Umabot ang mga panalangin namin doon sa mismong nakakapanginig na bugso roon, at ang mismong bagay na humawak sa kanya ay wala na sa kanya. Winasak na iyon. At ngayo’y naglalakad na siya papunta sa Jordan. [Sinasabi ni Kapatid na Lyle Wood, “Salamat, Jesus.”—Pat.] Dalhin Mo po siya sa Lupang pangako, Panginoon. [“Opo, Panginoon.”] At tatakan siya sa gitna ng mga tao. [“Opo, Panginoon.”] Upang, sa maluwalhating Araw na iyon kapag nagkita-kita kami roon, maramdaman ko nawa ang yapos ng kanyang mga bisig, sumisigaw, “Mahal kong kapatid!” [“Amen.”] “Kilala ko siya.” Isama n’yo po si Banks kasama niya, Panginoon, maaari po ba; sina tatay at nanay, at lahat sila, ang kapatid na babae, at lahat ng kay inam na pamilyang iyon? Magkita-kita nawa kaming lahat doon, Panginoon, at ang bawat isa sa kanila ay mangapuspos ng Banal na Espiritu. Dumadalangin ako sa Pangalan ni Jesus. Amen. [“Amen.”]

Tatanggapin mo Ito, kapatid. Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Lyle.

196 [May nagsasabi, “Kapatid?”—Pat.] Oo, kapatid. [“May tawag sa telepono na mula pa sa malayo, at isang naghihingalo, naghihintay na sa linya.”]

197 May isang nag-aagaw-buhay na, sa isang tawag na galing pa sa malayo. At ibibigay ko ang gawain kay Kapatid na Neville habang naroroon ako.

198 [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Napakainam at kamangha-manghang araw sa Panginoon! Gumawa ang Diyos ng ilang kahanga-hangang mga bagay para sa atin ngayon. Ang mga inaasahan ko ay natugunang lahat.

[“Tumayo tayong lahat.

199 [“Tandaan n’yo ang gawain kung gayon, Miyerkules ng gabi. Manalangin pa kayo nang husto. Lahat ng di-nasisiyahan, di-tiyak na mga puso ay makipag-ugnay pang lalo sa Diyos. ‘Malapit na ang panahon. Ngayon na ang oras. Ngayon ang araw ng kaligtasan.’

200 [“Pagpalain ng Diyos ang bawat isa sa inyo na mga panauhin, kayong mga taga-malayo. Ang dalangin namin ay, na, pagkalooban kayo ng Diyos ng biyaya sa paglalakbay, pabalik sa inyong mga tirahan. Mainam na nakasama namin kayo. At idalangin n’yo kami sa inyong pag-uwi, na magpala ang Panginoon sa dakong ito, rin naman.

201 [“Ama naming Makalangit, sa pagparito ng Iyong lingkod ngayong gabi, upang gampanan ang tungkulin ng opisina ng Iyong lingkod at propeta, na tumatayo sa pagitan, ng puwang, na nagsisilbing harang, pumaparito sa amin na may nag-aalab na damdamin ng Iyong lingkod, bilang bautismado ng Banal na Espiritu, at pinagkalooban ng tungkulin ng propeta, upang mangusap sa henerasyong ito. Tulungan Mo po kami sa araw na ito at sa gabing ito, na tanggapin ang Mensahe na dumarating sa amin, Panginoon, ang tagubilin, na maging handa.

202 [“Pagpalain Mo po ang bawat isa na lalabas mula sa mga pintuan ng gusaling ito ngayong gabi. Nawa ang mga sakit na nasa amin, na hindi namin nalalaman, pangalagaan at protektahan at pagalangin nawa kami ng Iyong pinagpalang biyaya at kapangyarihan, at ingatan kami, hanggang sa oras na iyon kung kailan handa Ka nang ilipat kami sa kabilang dako. Pagpalain Mo po lahat ang mga pinanghihinaan ng loob at bigo, ang mga natatakot, at yaong mga mahihina.

203 [“Diyos, dumadalangin po kami ngayong gabi para sa isang natatanging pagdalaw, basbas ng Banal na Espiritu, na manahan sa bawat manlalakbay, bawat nakikipamayan, bawat estranghero sa aming mga pintuan. Bawat isa na lalabas sa pintuan ngayong gabi, nawa ang panakip na talukbong ng Dugo na iyon, na mula sa krus ng Kalbaryo, ay sapat na tumakip at magsustento.

204 ["Pagalingin Mo po kami kapag kami ay may sakit. Ingatan Mo kami sa pamamagitan ng Iyong malakas na kapangyarihan. Pahiran kami para sa paglilingkod. Nawa kami'y lumakad sa pag-ibig, sa harapan Mo, sa lahat ng araw ng aming buhay. At pupurihin Ka namin dahil dito, sapagkat amin itong hinihiling sa Pangalan ni Jesus Cristo at alang-alang sa Kanya. Amen.

205 ["At pagpalain kayo ng Diyos. At masaya kami na nakasama namin kayo. Magkamayan na sa isa't isa."—Pat.]

206 [Papabalik si Kapatid na Branham sa entablado habang nagkakamayan ang kongregasyon at nagbabatian sa isa't isa habang papaalis na."—Pat.]

207 [Nakikipag-usap sa isang tao si Kapatid na Branham—Pat.] Talagang pinasasalamatan ko ang lahat ng ginawa ninyo para sa akin, 'yung kard at...?...Siyanga, po. Talagang pinasasalamatan...?...

208 [Nakikipag-usap si Kapatid na Branham kay Kapatid na Neville—Pat.] Kaya ipinadala namin ang bato ng pananampalataya...?...May isang lalaking taga...?...Kaya nagsugo ako ng panalangin sa kanya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Nakahimlay roon nang isang oras na, walang pulso, walang hininga, walang kahit ano. Walang hininga, walang pulso, o respirasyon, walang kahit ano; tumirik ang kanyang mga mata, bumagsak sa may pulpito. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Hinayaan lamang nitong mahimlay siya roon hanggang sa dumating ang panalangin na iyon."]

209 Nakabukas pa rin ba *ito*? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Oo, nakabukas pa rin," tinutukoy na nakabukas pa rin ang mikropono—Pat.]

210 Maaari ko bang makuha ang inyong pansin? Doon sa malayo, isang batang ebanghelista, isang mangangaral, dito sa Indiana, ang nangangaral kanina, patay na bumagsak sa may pulpito, mga isang oras pa lang ang nakalipas. Habang nangangaral siya, ay paharap na bumagsak, at namatay sa may pulpito, isang kilalang ebanghelista, na nangangaral dito sa Indiana. Kapupunta lang nung pastor at tinawagan ako. Namatay siya mismo habang nangangaral sa ilalim ng pahid ng Espiritu, paharap na bumagsak, tumirik ang mga mata niya, hindi na siya humihinga. Ipinahayag na patay na siya, isang oras nang nakahimlay na patay na. At may nagsabi sa kanila na tumawag sa iglesya at ipapanalangin sa akin. Kaya nagsugo ako ng panalangin upang papanumbalikin siya, sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Nawa'y samahan n'yo ako sa pamamagitan ng pananampalataya, na hindi nito malampasan ang puntirya; na gisingin siya at ibalik siya. Salamat.

211 Sumainyo ang Diyos, hanggang sa makita ko kayo ng Miyerkules ng gabi. Kayong mga taga-Georgia at sa palibot, paalam. Sumainyo ang Diyos.

²¹² [Tumalikod na sa mikropono si Kapatid na Branham at nakikipag-usap sa iba pa, ngunit hindi malinaw ang kanilang pag-uusap—Pat.]



PAGKUKUPKOP

Ang Mga Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa mga magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Ang Tagalog na salin na ito ay inilimbag at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org